Behavioral Health Department
Alameda County Health

# Handbook ng Miyembro

## Mga Serbisyong May Espesyalidad sa Kalusugan ng Pag-iisip at Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal (Specialty Mental Health Services and Drug Medi-Cal Organized Delivery System)

**Kagawaran ng Kalusugan ng Pag-uugali ng Alameda County**
**(Alameda County Behavioral Health Department)**
**Mga Tanggapan ng Administrasyon**
**2000 Embarcadero Cove**
**Oakland, CA 94606**

Available 24/7 ang Programa ng ACCESS at Helpline ng Kagawaran ng Kalusugan ng Pag-uugali ng Alameda County.

Programa ng ACCESS: 1-800-491-9099

Helpline: 1-844-682-7215 (TTY:711)

Petsa ng Pasimula: Enero 1, 2025[1]

---

[1] Kailangang ibigay ang handbook sa oras ng unang pag-access ng miyembro sa mga serbisyo.

## LANGUAGE TAGLINES

**English Tagline**

ATTENTION: If you need help in your language, contact your service provider or call ACBHD ACCESS at 1-800-491-9099 (TTY: 711). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available by contacting your service provider or calling ACBHD ACCESS at 1-800-491-9099 (TTY: 711). These services are free of charge.

**الشعار بالعربية (Arabic)**

يرجى الإنتباه: إذا كنت بحاجة إلى مساعدة بلغتك، قم بالإتصال بمزود الخدمة الخاص بك أو اتصل بـ ACBHD ACCESS على الرقم 1-800-491-9099 (TTY: 711). تتوفر لدينا أيضًا مساعدات وخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بخط برايل والمطبوعة بحروف كبيرة، وذلك عن طريق الاتصال بمزود الخدمة الخاص بك أو الاتصال بـ ACBHD ACCESS على الرقم 1-800-491-9099 (TTY: 711). كل هذه الخدمات هي خدمات مجانية.

**Հայերեն պիտակ (Armenian)**

ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ: Եթե Ձեզ անհրաժեշտ է օգնություն Ձեր լեզվով, զանգահարեք ACBHD ACCESS 1-800-491-9099 (TTY: 711): Հասանելի են նաև աջակցման ծառայություններ և ռեսուրսներ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, օրինակ՝ նյութեր Բրայլի գրատիպով կամ խոշորատառ տպագրությամբ: Զանգահարեք ACBHD ACCESS 1-800-491-9099 (TTY: 711): Այս ծառայությունները տրամադրվում են անվճար:

**ឃ្លាសម្គាល់ជាភាសាខ្មែរ (Cambodian)**

ចំណាំ៖ បើអ្នកត្រូវការជំនួយជាភាសារបស់អ្នក សូមទាក់ទងអ្នកផ្តល់សេវាកម្មរបស់អ្នក ឬហៅទូរសព្ទទៅ ACBHD ACCESS តាមលេខ 1-800-491-9099 (TTY: 711)។ ជំនួយ និងសេវាកម្ម សម្រាប់ជនពិការ ដូចជាឯកសារសរសេរជាអក្សរស្ទាប និងឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ពធំៗ ក៏អាចរកបានផងដែរដោយទាក់ទងទៅអ្នកផ្តល់សេវាកម្មរបស់អ្នក ឬហៅទូរសព្ទទៅ ACBHD ACCESS តាមលេខ 1-800-491-9099 (TTY: 711)។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។

**简体中文标语 (Chinese)**

注意：如果您需要使用本民族语言获得帮助，请联系您的服务提供商或拨打 ACBHD ACCESS 电话1-800-491-9099（TTY：711）。通过与您的服务提供商联系或拨打 ACBHD ACCESS 电话 1-800-491-9099（TTY：711），还可获得为残疾人提供的辅助工具和服务，如盲文和大字印刷文件。这些服务均免费。

## 繁体中文標語（Cantonese）

注意：若需要以您的語言獲得協助，請連絡您的服務供應商或致電 ACBHD ACCESS，電話號碼為 1-800-491-9099（TTY：711）。透過連絡您的服務供應商或致電 ACBHD ACCESS：1-800-491-9099（TTY：711），亦可獲得為殘障人士提供的輔助工具及服務，例如盲文和大字體印刷文件。這些服務均免費提供。

## مطلب به زبان فارسی (Farsi)

توجه: اگر نیازمند کمک به زبان خود هستید، با فراهم کننده خدمات خود یا شماره 1-800-491-9099 (TTY: 711) ACBHD ACCESS تماس بگیرید. کمک‌ها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ نیز از طریق تماس با فراهم کننده خدمات خود یا شماره 1-800-491-9099 (TTY: 711) ACBHD ACCESS موجود است. این خدمات رایگان ارائه می‌شوند.

## हिंदी टैगलाइन (Hindi)

ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो 1-800-491-9099 (TTY: 711) पर कॉल करें। अगर आपको दृष्टि बाधित लोगों के लिए सहायता और सेवाएँ, जैसे ब्रेल लिपि में और बड़े प्रिंट में दस्तावेज़ चाहिए तो अपने सेवा प्रदाता से संपर्क करें या ACBHD ACCESS को 1-800-491-9099 (TTY: 711) पर कॉल करें। ये सेवाएँ निःशुल्क हैं।

## Nqe Lus Hmoob Cob (Hmong)

CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais ua koj hom lus, tiv tauj rau koj tus kws muab kev pab cuam los sis hu rau ACBHD ACCESS ntawm 1-800-491-9099 (TTY: 711). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su rau neeg dig muag thiab luam tawm ua tus ntawv loj los ntawm kev tiv tauj rau koj tus kws muab kev pab cuam los sis hu rau ACBHD ACCESS ntawm 1-800-491-9099 (TTY: 711). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

## 日本語表記 (Japanese)

注意日本語での対応が必要な場合は 1-800-491-9099 (TTY: 711)へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。1-800-491-9099 (TTY: 711)へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

**<u>한국어 태그라인 (Korean)</u>**

유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 귀하의 서비스 제공자에게 문의하거나 ACBHD ACCESS에 1-800-491-9099 (TTY: 711) 번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 귀하의 서비스 제공자에게 연락하거나 ACBHD ACCESS에 1-800-491-9099 (TTY: 711) 번으로 연락하여 이용할 수 있습니다. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.

**<u>ແທກໄລພາສາລາວ (Laotian)</u>**

ປະກາດ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອເປັນພາສາຂອງທ່ານ ໃຫ້ໂທຫາຜູ້ໃຫ້ບໍລິການຂອງທ່ານ ຫຼື ໂທຫາ ACBHD ACCESS ທີ່ເບີ 1-800-491-9099 (TTY: 711). ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອ ແລະ ການບໍລິການສໍາລັບຄົນພິການ ເຊັ່ນເອກະສານທີ່ເປັນອັກສອນນູນ ແລະ ໂຕພິມໃຫຍ່ ໂດຍໃຫ້ຕິດຕໍ່ຫາ ໂທຫາຜູ້ໃຫ້ບໍລິການຂອງທ່ານ ຫຼື ໂທຫາ ACBHD ACCESS ທີ່ເບີ 1-800-491-9099] (TTY: 711). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ບໍ່ຕ້ອງເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

**<u>Mien Tagline (Mien)</u>**

LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiemx longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx ACBHD ACCESS 1-800-491-9099 (TTY: 711). Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong-bunx aengx caux ninh mbuo wuaaic mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hluo mbiutc aamz caux benx domh sou se mbenc nzoih bun longc. Douc waac daaih lorx ACBHD ACCESS 1-800-491-9099 (TTY: 711). Naaiv nzie weih jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

**<u>ਪੰਜਾਬੀ ਟੈਗਲਾਈਨ (Punjabi)</u>**

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਆਪਣੇ ਸੇਵਾ ਪ੍ਰਦਾਤਾ ਨਾਲ ਸੰਪਰਕ ਕਰੋ ਜਾਂ ACBHD ACCESS ਨੂੰ 1-800-491-9099 (TTY: 711) ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ। ਅਪਾਹਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਤੁਹਾਡੇ ਸੇਵਾ ਪ੍ਰਦਾਤਾ ਨਾਲ ਸੰਪਰਕ ਕਰਕੇ ਜਾਂ ACBHD ACCESS ਨੂੰ 1-800-491-9099 (TTY: 711) 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰਕੇ ਵੀ ਪ੍ਰਾਪਤ ਕੀਤੇ ਜਾ ਸਕਦੇ ਹਨ। ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫ਼ਤ ਹਨ

**Русский слоган (Russian)**

ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем языке, обратитесь к поставщику услуг или позвоните в ACBHD ACCESS по телефону 1-800-491-9099 (TTY: 711). Помощь и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы, напечатанные шрифтом Брайля или крупным шрифтом, также можно получить, обратившись к поставщику услуг или позвонив в ACBHD ACCESS по телефону 1-800-491-9099 (TTY: 711). Эти услуги предоставляются бесплатно.

**Mensaje en español (Spanish)**

ATENCIÓN: Si necesita ayuda en su idioma, comuníquese con su proveedor de servicios o llame a ACBHD ACCESS al 1-800-491-9099 (TTY: 711). Las ayudas y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y letra grande, también están disponibles comunicándose con su proveedor de servicios o llamando a ACBHD ACCESS al 1-800-491-9099 (TTY: 711). Estos servicios son gratuitos.

**Tagalog Tagline (Tagalog)**

ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng serbisyo o tumawag sa ACBHD ACCESS sa 1-800-491-9099 (TTY: 711). Makukuha rin ang mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iyong tagpagbigay ng serbisyo o pagtawag sa ACBHD ACCESS sa 1-800-491-9099 (TTY: 711). Libre ang mga serbisyong ito.

**แท็กไลน์ภาษาไทย (Thai)**

โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาติดต่อผู้ให้บริการของคุณหรือติดต่อ ACBHD ACCESS ที่หมายเลข 1-800-491-9099 (TTY: 711)
นอกจากนี้ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการด้วย เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ โดยติดต่อผู้ให้บริการของคุณหรือติดต่อ ACBHD ACCESS ที่หมายเลข 1-800-491-9099 (TTY: 711) ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้

**Примітка українською (Ukrainian)**

УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою мовою, зверніться до постачальника послуг або зателефонуйте до ACBHD ACCESS за номером 1-800-491-9099 (TTY: 711). Допоміжні засоби та послуги для людей з обмеженими можливостями, наприклад, документи, надруковані шрифтом Брайля або великим шрифтом, також можна отримати, звернувшись до свого постачальника послуг або зателефонувавши до ACBHD ACCESS за номером 1-800-491-9099 (TTY: 711). Ці послуги є безкоштовними.

**Khẩu hiệu tiếng Việt (Vietnamese)**

CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng liên hệ với nhà cung cấp dịch vụ của quý vị hoặc gọi cho ACBHD ACCESS theo số 1-800-491-9099 (TTY: 711). Khi liên hệ với nhà cung cấp dịch vụ của quý vị hoặc gọi cho ACBHD ACCESS theo số 1 800 491 9099 (TTY: 711), quý vị cũng sẽ được hỗ trợ và nhận dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ in khổ lớn. Các dịch vụ này đều miễn phí.

Behavioral Health

**TALAAN NG MGA NILALAMAN**

IBA PANG WIKA AT FORMAT .......... 7
KAGAWARAN NG KALUSUGAN NG PAG-UUGALI NG ALAMEDA COUNTY (ACBHD) IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN .......... 8
LAYUNIN NG HANDBOOK NA ITO .......... 10
IMPORMASYON TUNGKOL SA MGA SERBISYO SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI (BEHAVIORAL HEALTH SERVICES) .......... 11
PAG-ACCESS SA MGA SERBISYO SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI .......... 15
PAGPILI NG PROVIDER .......... 23
KARAPATAN MO SA PAG-ACCESS NG MGA REKORD NG KALUSUGAN NG PAG-UUGALI AT IMPORMASYON TUNGKOL SA DIREKTORYO NG PROVIDER GAMIT ANG MGA SMART DEVICE .......... 26
SAKLAW NG MGA SERBISYO .......... 27
MGA SERBISYO NA PUWEDENG MAKUHA SA TELEPONO O TELEHEALTH .......... 46
PROSESO NG PAGLUTAS SA PROBLEMA: PAGHAHAIN NG KARAINGAN, APELA, O PAGHINGI NG MAKATARUNGANG PAGDINIG NG ESTADO (STATE FAIR HEARING) .......... 47
PAUNANG KAUTUSAN (ADVANCE DIRECTIVE) .......... 59
MGA KARAPATAN AT RESPONSIBILIDAD .......... 60
PAUNAWA NG MGA KASANAYAN SA PRIVACY .......... 71
ADDITIONAL INFORMATION FROM YOUR COUNTY .......... 79
PAUNAWA NG WALANG DISKRIMINASYON .......... 81

**IBA PANG WIKA AT FORMAT**

**Iba pang wika**

Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa 1-800-491-9099 (TTY: 711). Available din ang mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malalaking letra. Tumawag sa 1-800-491-9099 (TTY: 711). Libre ang mga serbisyong ito.

**Iba pang format**

Maaari mong makuha ang impormasyong ito sa iba pang format, tulad ng braille, 20-point na font ng malalaking letra, audio, at accessible na mga elektronikong format nang walang bayad sa iyo. Tumawag sa numero ng telepono ng county na nakalista sa pabalat ng handbook na ito (TTY: 711). Libre ang tawag.

**Mga Serbisyo ng Interpreter**

Nagbibigay ang county ng mga serbisyo ng interpretasyon mula sa isang kwalipikadong interpreter, 24 na oras sa isang araw, nang walang bayad sa iyo. Hindi mo kailangang gumamit ng miyembro ng pamilya o kaibigan bilang interpreter. Iniiwasan namin ang paggamit ng mga menor de edad bilang mga interpreter, maliban na lamang kung ito ay isang emergency. Ang mga serbisyo ng interpreter, lingguwistiko, at pang-kultura ay available nang walang bayad sa iyo. Available ang tulong 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para sa tulong sa wika o upang makuha ang handbook na ito sa ibang wika, tumawag sa numero ng telepono ng county na nakalista sa pabalat ng handbook na ito (TTY: 711). Libre ang tawag.

Behavioral Health

**KAGAWARAN NG KALUSUGAN NG PAG-UUGALI NG ALAMEDA COUNTY (ACBHD)**
**IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN**

Nandito kami upang tumulong. Ang mga sumusunod na impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng county ay makakatulong sa iyo upang makuha ang mga serbisyong kailangan mo.

| MAHAHALAGANG NUMERO NG TELEPONO | |
|---|---|
| **Emergency** | **911** |
| **ACBHD Helpline Para sa mga Serbisyo sa Sakit na Dulot ng Paggamit ng Substansya** | **(844) 682-7215** |
| **Programa ng ACBHD ACCESS para sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip** | **(510) 346-1000 or**<br><br>**(800) 491-9099** |
| **TTY** | **711** |
| **Hotline Para sa Krisis/ Pagpapakamatay** | **988** |
| **Linya ng Tulong Para sa mga Konsyumer** | **(800) 779-0787** |
| **Mga Tagapagtaguyod ng Mga Karapatan ng Pasyente** | **(510) 835-2505** |
| **Digital na Pag-access sa Impormasyon sa Kalusugan** | **https://www.acbhcs.org/plan-administration/health-records-request-digital-copy/** |
| **Paghiling ng Kopya ng mga Rekord sa Kalusugan** | **https://www.acbhcs.org/plan-administration/health-records-request/** |
| **Pampublikong Website ng ACBHD** | **https://www.acbhcs.org/** |

**Sino ang Dapat Kong Kontakin Kung Naiisip Kong Magpakamatay?**

Kung ikaw o ang isang tao na kilala mo ay nasa krisis, mangyaring tumawag sa 988 Lifeline ng Pagpapakamatay at Krisis (Suicide and Crisis Lifeline) sa **988** o sa Lifeline ng Pambansang Pagpigil sa Pagpapakamatay (National Suicide Prevention Lifeline) sa **1-800-273-TALK (8255)**. Available ang chat sa https://988lifeline.org/.

Para ma-access ang iyong mga lokal na programa, mangyaring tumawag sa 24/7 Access Line na nakalista sa itaas.

**Mga Termino sa Handbook na Ito:**

| | |
|---|---|
| **ACBHD** | Kagawaran ng Kalusugan ng Pag-uugali ng Alameda County (Alameda County Behavioral Health Department) |
| **BHP** | Plano sa Kalusugan ng Pag-uugali (Behavioral Health Plan) - pinag-isang serbisyo ng ACBHD para sa Espesyalidad sa Kalusugan ng Pag-iisip (Specialty Mental Health) at Sakit na Dulot ng Paggamit ng Substansya (Substance Use Disorder) na isinasagawa sa loob ng network ng mga Programa at Klinika ng County (County Programs and Clinics), Nakakontratang Organisasyon na Pinapatakbo ng Komunidad (Contracted Community Based Organizations), ospital, at isang network ng provider na may maraming serbisyo. |
| **DMC-ODS** | Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal (Drug Medi-Cal Organized Delivery System) |
| **SMHS** | Mga Serbisyong May Espesyalidad sa Kalusugan ng Pag-iisip (Specialty Mental Health Services) |
| **SUD** | Sakit na Dulot ng Paggamit ng Substansya (Substance Use Disorder) |

# LAYUNIN NG HANDBOOK NA ITO

## Bakit mahalagang basahin ang handbook na ito?

May plano ang iyong county para sa kalusugan ng pag-iisip na nag-aalok ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na kilala bilang “mga serbisyong may espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip”. Bukod pa rito, ang iyong county ay may Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal na nagbibigay ng mga serbisyo para sa paggamit ng alak o droga, na kilala bilang “mga serbisyo sa sakit na dulot ng paggamit ng substansya”. Magkasama, ang mga serbisyong ito ay kilala bilang “mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali,” at mahalaga na mayroon kang impormasyon tungkol sa mga serbisyong ito upang makuha mo ang pangangalaga na kailangan mo. Ipinaliliwanag ng handbook na ito ang iyong mga benepisyo at kung paano makakakuha ng pangangalaga. Sasagutin din nito ang marami sa iyong mga tanong.

Matututunan mo:

- Paano makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa pamamagitan ng iyong county.
- Ano ang mga benepisyo na maaari mong ma-access.
- Kung ano ang gagawin kung mayroon kang tanong o problema.
- Iyong mga karapatan at responsibilidad bilang miyembro ng iyong county.
- Kung may karagdagang impormasyon tungkol sa iyong county, maaaring itala ito sa dulo ng handbook na ito.

Kung hindi mo babasahin ang handbook na ito ngayon, dapat mo itong itago upang mabasa ito sa ibang pagkakataon. Ginagamit ang librong ito kasabay ng librong nakuha mo nang mag-sign up ka para sa iyong mga benepisyo ng Medi-Cal. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong mga benepisyo ng Medi-Cal, tumawag sa county gamit ang numero ng telepono sa harap ng librong ito.

## Saan Ako Pwedeng Pumunta Para sa Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Medi-Cal?

Bisitahin ang website ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services) https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/eligibility/Pages/Beneficiaries.aspx para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Medi-Cal.

**IMPORMASYON TUNGKOL SA MGA SERBISYO SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI (BEHAVIORAL HEALTH SERVICES)**

## Paano Malalaman Kung Nangangailangan Ka ng Tulong o ang Isa na Kilala Mo?

Maraming tao ang dumadaan sa mahihirap na panahon sa buhay at maaaring makaranas ng mga kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip o dulot ng paggamit ng substansya. Pinakamahalagang tandaan na may available na tulong. Kung ikaw o ang miyembro ng iyong pamilya ay kwalipikado para sa Medi-Cal at nangangailangan ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, dapat mong tawagan ang 24/7 Access Line na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. Matutulungan ka rin ng iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga (managed care plan) na makipag-ugnayan sa iyong county kung naniniwala sila na ikaw o ang isang miyembro ng pamilya ay nangangailangan ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na hindi saklaw ng pinamamahalaang plano ng pangangalaga. Tutulungan ka ng iyong county na makahanap ng provider para sa mga serbisyong maaaring kailanganin mo.

Ang listahan sa ibaba ay makakatulong sa iyo na malaman kung ikaw o ang isang miyembro ng pamilya ay nangangailangan ng tulong. Kung higit sa isang senyales ang naroroon o nangyayari nang matagal na panahon, maaaring senyales ito ng mas malubhang problema na nangangailangan ng propesyonal na tulong. Narito ang ilang karaniwang senyales na maaaring mangailangan ka ng tulong para sa kondisyon ng kalusugan ng pag-iisip o kondisyong dulot ng paggamit ng substansya:

### Mga Pag-iisip at Damdamin

- Napakabilis na pagbabago ng mood, posibleng walang dahilan, tulad ng:
  - Labis-labis na pag-aalala, pagkabahala, o takot
  - Masyadong malungkot o matamlay
  - Masyadong maganda ang pakiramdam at masayang-masaya
  - Mabilis magbago ang mood o matagal humupa ang galit
- Nag-iisip na magpakamatay
- Nakatuon lamang sa pag-inom at paggamit ng alak o droga
- Mga problema sa pokus, memorya, o lohikal na pag-iisip at pagsasalita na mahirap ipaliwanag

- Mga problema sa pandinig, paningin, o pagpaparamdam ng mga bagay na mahirap ipaliwanag o ng karamihan sa mga sinasabi ng tao na hindi umiiral

**Pisikal**

- Maraming pisikal na problema, posibleng walang halatang sanhi, tulad ng:
    - Mga sakit ng ulo
    - Sakit ng tiyan
    - Pagtulog nang sobra o kulang
    - Pagkain nang sobra o kulang
    - Hindi makapagsalita nang maayos
- Pagbabago ng hitsura o matinding alalahanin sa hitsura, tulad ng:
    - Biglaang pagbaba o pagtaas ng timbang
    - Pamumula ng mga mata at hindi pangkaraniwang laki ng mga mata
    - Kakaibang amoy sa hininga, katawan, o damit

**Pag-uugali**

- Pagkakaroon ng mga epekto mula sa iyong pag-uugali dahil sa mga pagbabago sa iyong kalusugan ng pag-iisip o paggamit ng alak o droga, tulad ng:
    - Pagkakaroon ng mga problema sa trabaho o paaralan
    - Mga problema sa relasyon sa ibang tao, pamilya, o mga kaibigan
    - Nakakalimot sa iyong mga pangako
    - Hindi kayang isagawa ang mga karaniwang gawain sa araw-araw
- Iniiwasan ang mga kaibigan, pamilya, o mga sosyal na aktibidad
- May lihim na pag-uugali o lihim na pangangailangan ng pera
- Nasasangkot sa sistema ng batas dahil sa mga pagbabago sa iyong kalusugan ng pag-iisip o paggamit ng alak o droga

**Mga Miyembro na Wala Pang Edad 21**

***Paano Ko Malalaman Kung Kailangan ng Tulong ng Isang Bata o Teenager?***

Maaari mong kontakin ang iyong county o pinamamahalaang plano ng pangangalaga para sa screening at pagsusuri para sa iyong bata o teenager kung sa tingin mo ay nagpapakita sila ng mga senyales ng kondisyon ng kalusugan ng pag-iisip. Kung ang iyong bata o teenager ay kwalipikado para sa Medi-Cal at ang screening o pagsusuri ay nagpapakita na kailangan ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, isasaayos ng county ang pagtanggap ng iyong bata o teenager ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Matutulungan ka rin ng iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga na makipag-ugnayan sa iyong county kung naniniwala sila na ang iyong bata o teenager ay nangangailangan ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na hindi saklaw ng pinamamahalaang plano ng pangangalaga. Mayroon ding mga serbisyong available para sa mga magulang na nakakaramdam ng stress sa pagiging magulang.

Ang mga menor de edad na 12 taon pataas ay hindi kailangang humingi ng pahintulot ng magulang upang makatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ng outpatient o mga serbisyo ng tirahang kanlungan kung naniniwala ang nag-aasikasong propesyonal na sapat na ang kakayahan ng menor de edad upang makilahok sa mga serbisyo ng kalusugan ng pag-uugali o mga serbisyo ng tirahang kanlungan. Ang mga menor de edad na 12 taon pataas ay hindi kailangang humingi ng pahintulot ng magulang upang makatanggap ng pangangalagang medikal at pagpapayo para gamutin ang isang problema kaugnay ng sakit na dulot ng paggamit ng substansya. Kailangan ang paglahok ng magulang o tagapag-alaga maliban na lamang kung itinuturing ng nag-aasikasong propesyonal na hindi angkop ang kanilang paglahok matapos konsultahin ang menor de edad.

Ang listahan sa ibaba ay makakatulong sa iyo na malaman kung kailangan ng tulong ng iyong bata o teenager. Kung higit sa isang senyales ang naroroon o nagpapatuloy nang matagal na panahon, maaaring ang iyong bata o teenager ay may mas malubhang problema na nangangailangan ng propesyonal na tulong.

Narito ang mga senyales na dapat bantayan:

- Maraming problema sa pagbibigay pansin o pananatili sa isang lugar, na naglalagay sa kanila sa pisikal na panganib o nagdudulot ng mga problema sa paaralan
- Matinding mga alalahanin o takot na nakakaapekto sa mga pang-araw-araw na gawain
- Biglaang napakatinding takot nang walang dahilan, minsan sinasamahan ng mabilis na tibok ng puso o paghinga

- Pakiramdam ng labis na kalungkutan o paglayo sa iba ng dalawang linggo o higit pa, na nagdudulot ng mga problema sa pang-araw-araw na gawain
- Matinding pagbabago sa mood na nagdudulot ng mga problema sa relasyon
- Malalaking pagbabago sa pag-uugali
- Hindi kumakain, nagsusuka, o gumagamit ng gamot para bumaba ang timbang
- Paulit-ulit na paggamit ng alak o droga
- Matindi at hindi makontrol na pag-uugali na maaaring makapinsala sa sarili o sa iba
- Mga seryosong plano o pagtatangkang saktan o patayin ang sarili
- Paulit-ulit na pakikipag-away, paggamit ng armas, o seryosong plano na saktan ang iba

## PAG-ACCESS SA MGA SERBISYO SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI

### Paano Ko Makukuha ang mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali?

Kung sa tingin mo ay kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali tulad ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at/o mga serbisyo sa sakit na dulot ng paggamit ng substansya, maaari mong tawagan ang iyong county gamit ang numero ng telepono na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. Kapag nakipag-ugnayan ka na sa county, makakatanggap ka ng screening at magkakaiskedyul para sa isang appointment para sa pagsusuri.

Maaari mo ring hilingin ang mga serbisyo ng kalusugan ng pag-uugali mula sa iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga kung ikaw ay isang miyembro. Kung matutukoy ng pinamamahalaang plano ng pangangalaga na kwalipikado ka para sa mga serbisyo ng kalusugan ng pag-uugali, tutulungan ka ng pinamamahalaang plano ng pangangalaga na makakuha ng pagsusuri upang matanggap ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali mula sa iyong county. Sa huli, walang maling paraan para makuha ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Maaaring matanggap mo pa nga ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali mula sa iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga pati na rin mula sa iyong county. Maa-access mo ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng iyong provider sa kalusugan ng pag-uugali kung matukoy ng iyong provider na klinikal na naaangkop sa iyo ang mga serbisyo at hangga't kinokoordina ang naturang mga serbisyo at hindi nauulit.

Dagdag pa, tandaan ang mga sumusunod:

- Maaari kang i-refer sa iyong county para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ng ibang tao o organisasyon, kabilang ang iyong general practitioner/doktor, paaralan, isang miyembro ng pamilya, tagapag-alaga, iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga, o iba pang mga ahensya ng county. Kadalasan, kailangan ng iyong doktor o ng pinamamahalaang plano ng pangangalaga ang iyong pahintulot o ang pahintulot ng magulang o tagapag-alaga ng isang bata upang gawin ang referral direkta sa county, maliban na lamang kung may emergency.

- Hindi maaaring tanggihan ng iyong county ang isang kahilingan na magsagawa ng inisyal na pagsusuri para matukoy kung natutugunan mo ang mga pamantayan para sa pagtanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.

- Ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ay maaaring ibigay ng county o iba pang mga provider na may kontrata ang county (tulad ng mga klinika, sentro ng paggamot, organisasyong pinapatakbo ng komunidad, o mga indibidwal na provider).

## Saan Ko Makukuha ang mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali?

Maaari kang makakuha ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa county kung saan ka nakatira, at sa labas ng iyong county kung kinakailangan. Ang bawat county ay may mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali para sa mga bata, kabataan, nasa hustong gulang, at mga may-edad. Kung wala ka pang 21 taong gulang, kwalipikado ka para sa karagdagang saklaw at benepisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment). Tingnan ang seksyon ng "Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot" ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon.

Tutulungan ka ng iyong county na makahanap ng provider na makakapagbigay ng pangangalaga na kailangan mo. Kailangang i-refer ka ng county sa pinakamalapit na provider sa iyong tahanan, o ayon sa mga pamantayan ng oras o distansya, na makakatugon sa iyong pangangailangan.

## Kailan Ko Makukuha ang mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali?

Kailangang sundin ng iyong county ang mga pamantayan sa oras ng appointment kapag nag-schedule ng serbisyo para sa iyo. Para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, ang county ay kailangang mag-alok sa iyo ng appointment:

- Sa loob ng 10 araw ng negosyo mula sa iyong hindi agarang kahilingan upang magsimula ng mga serbisyo sa plano sa kalusugan ng pag-iisip;
- Sa loob ng 48 oras kung hihilingin mo ang mga serbisyo para sa isang agarang kondisyon;
- Sa loob ng 15 araw ng negosyo mula sa iyong hindi agarang kahilingan para sa appointment sa isang psychiatrist; at,
- Sa loob ng 10 araw ng negosyo mula sa nakaraang appointment para sa mga hindi agarang follow-up appointment para sa kasalukuyang kondisyon.

Para sa mga serbisyo sa sakit na dulot ng paggamit ng substansya, ang county ay kailangang mag-alok sa iyo ng appointment:

- Sa loob ng 10 araw ng negosyo ng iyong hindi agarang kahilingan para simulan ang mga serbisyo sa provider sa sakit na dulot ng paggamit ng substansya para sa outpatient at masinsinang serbisyo sa outpatient;
- Sa loob ng 3 araw ng negosyo ng iyong kahilingan para sa mga serbisyo sa Programa ng Paggamot sa Narkotiko (Narcotic Treatment Program);

- Isang follow-up na hindi agarang appointment sa loob ng 10 araw kung ginagamot ka para sa umiiral na sakit na dulot ng paggamit ng substansya, maliban sa mga partikular na kasong tinukoy ng provider na gumagamot sa iyo.

Gayunpaman, maaaring mas matagal ang mga panahong ito kung matukoy ng iyong provider na medikal na naaangkop at hindi makakasama ang mas matagal na paghihintay sa iyong kalusugan. Kung sinabi sa iyo na ikaw ay inilagay sa isang waitlist at sa tingin mo ang tagal ng paghihintay ay makakasama sa iyong kalusugan, makipag-ugnayan sa iyong county gamit ang numero ng telepono na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. Mayroon kang karapatang maghain ng karaingan kung hindi ka tumanggap ng agarang pangangalaga. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsusumite ng karaingan, tingnan ang seksyon ng "Proseso ng Karaingan" (The Grievance Process) ng handbook na ito.

**Ano ang Mga Serbisyong Pang-emergency?**

Ang mga serbisyong pang-emergency ay mga serbisyo para sa mga benepisyaryong nakakaranas ng mga hindi inaasahang medikal na kondisyon, kabilang ang pang-emergency na medikal na kondisyon ng sakit sa isip (psychiatric). Isang pang-emergency na medikal na kondisyon na may napakalulubhang sintomas (posibleng kasama ang matinding kirot) anupa't makatuwirang aasahan ng karaniwang tao na mangyayari ang mga sumusunod anumang oras:

- Maaaring nasa lubhang panganib ang kalusugan ng isang indibidwal (o ang kalusugan ng isang bata sa sinapupunan)
- Magdudulot ng matinding pinsala sa paggana ng iyong katawan
- Magdudulot ng matinding pinsala sa alinmang organ o bahagi ng katawan

Nagaganap ang isang pang-emergency na medikal na kondisyon ng sakit sa isip kapag iniisip ng karaniwang tao na ang isang tao ay:

- Banta sa kanyang sarili o sa ibang tao dahil sa kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip o pinaghihinalaang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip.
- Biglaang hindi makagawa o makakain ng pagkain o makapagdamit o tumira sa tahanan dahil sa kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip o pinaghihinalaang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip.

Sinasaklaw ang mga serbisyong pang-emergency 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo para sa mga miyembro ng Medi-Cal. Hindi kailangan ang patiunang pahintulot para sa mga serbisyong pang-emergency. Sasaklawin ng programang Medi-Cal ang mga

kondisyong pang-emergency, kung ang kondisyon ay dulot ng pisikal o mental na kalusugan (mga pag-iisip, damdamin, o kilos na nagiging sanhi ng pagkabagabag at/o diperensiya sa relasyon sa sarili o sa iba). Kung naka-enroll ka sa Medi-Cal, hindi ka makakatanggap ng bill na babayaran para sa pagpunta sa emergency room, kahit lumabas na hindi ito isang emergency. Kung sa tingin mo ay may emergency ka, tumawag sa **911** o pumunta sa alinmang ospital o iba pang lugar para sa tulong.

**Sino ang Magpapasya Kung Aling Mga Serbisyo ang Matatanggap Ko?**

Sangkot ka, ang iyong provider, at ang county sa pagpapasya kung anong mga serbisyo ang kailangan mong matanggap. Makikipag-usap sa iyo ang isang propesyonal sa kalusugan ng pag-uugali at tutulungan kang tukuyin kung anong mga serbisyo ang kinakailangan.

Hindi mo kailangang malaman kung mayroon kang diagnosis sa kalusugan ng pag-uugali o partikular na kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali para humingi ng tulong. Matatanggap mo ang ilang mga serbisyo habang kinukumpleto ng iyong provider ang pagsusuring ito.

Kung ikaw ay wala pang 21 taong gulang, maaari ka ring makakuha ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali kung mayroon kang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali na dulot ng trauma, pakikilahok sa child welfare system, pakikilahok sa juvenile justice, o kawalan ng tirahan. Karagdagan pa, kung wala ka pang 21 taon, dapat maglaan ang county ng mga serbisyong medikal na kinakailangan para tulungan ang iyong kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali. Itinuturing na medikal na kinakailangan ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o tumutulong na makayanan ang isang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali.

Maaaring nangangailangan ng patiunang pahintulot mula sa county. Ang mga serbisyong nangangailangan ng paunang awtorisasyon ay kinabibilangan ng mga Masinsinang Serbisyong Nakabatay sa Tahanan (Intensive Home-Based Services), Masinsinang Paggamot sa Maghapon (Day Treatment Intensive), Rehabilitasyon sa Maghapon (Day Rehabilitation), mga Terapeutikong Serbisyo sa Pag-uugali (Therapeutic Behavioral Services), Terapeutikong Pangangalaga sa mga Ulila (Therapeutic Foster Care), at mga Serbisyo sa Tirahan Para sa Sakit na Dulot ng Paggamit ng Substansya (Substance Use Disorder Residential Services). Maaari kang humingi ng karagdagang impormasyon mula sa county tungkol sa kanilang proseso ng paunang awtorisasyon. Tawagan ang iyong county gamit ang telepono na nakalista sa pabalat ng handbook na ito upang humingi ng karagdagang impormasyon.

Ang proseso ng awtorisasyon ng county ay kailangang sumunod sa mga partikular na timeline.

- Para sa isang karaniwang awtorisasyon ng serbisyo sa sakit na dulot ng paggamit ng substansya, kailangang magdesisyon ang county sa kahilingan ng iyong provider sa loob ng 14 na araw ng kalendaryo.
    - Kung humiling ka o ang iyong provider, o kung sa tingin ng county na makabubuti sa iyong makakuha ng higit pang impormasyon mula sa iyong provider, maaaring pahabain ng hanggang sa isa pang 14 na araw ng kalendaryo ang timeline. Isang halimbawa na maaaring makabuti sa iyo ang isang pagpapahaba ay kapag sa tingin ng county na maaari nitong aprubahan ang kahilingan ng iyong provider para sa pagpapahintulot kung may karagdagang impormasyon ang county mula sa iyong provider at kinakailangang tanggihan ang kahilingan kung wala ang impormasyong ito. Kapag pinahaba ng county ang timeline, magpapadala sa iyo ng nakasulat na abiso ang county tungkol sa pagpapahaba.

- Para sa isang karaniwang paunang awtorisasyon sa kalusugan ng pag-iisp, kailangang magdesisyon ang county batay sa kahilingan ng iyong provider nang kasingbilis ng kinakailangan ng iyong kondisyon, ngunit hindi lalampas sa limang (5) araw ng negosyo mula nang matanggap ng county ang kahilingan.
    - Halimbawa, kung ang pagsunod sa karaniwang oras ay makakapinsala nang malubha sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahan na makamit, mapanatili, o maibalik ang pinakamataas na pagkilos, kailangang pabilisin ng county ang desisyon ng awtorisasyon at magbigay ng abiso ayon sa isang timeframe na may kaugnayan sa iyong kondisyon na hindi lalampas sa 72 oras mula sa pagtanggap ng kahilingan sa serbisyo. Maaaring pahabain ng iyong county ang oras ng hanggang 14 pang araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ng county ang kahilingan kung ikaw o ang iyong provider ay humiling ng pagpapahaba o kung magbibigay ang county ng katuwiran kung bakit ang pagpapahaba ay nasa iyong pinakamahusay na interes.

Sa parehong kaso, kung pahahabain ng county ang timeline para sa kahilingan ng provider para sa awtorisasyon, ipapadala sa iyo ng county ang isang nakasulat na abiso tungkol sa pagpapalawig. Kung hindi magpasya ang county sa loob ng itinakdang timeline o tanggihan, ipagpaliban, bawasan, o ihinto ang mga hinihiling na serbisyo, kailangan nilang magpadala ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo (Notice of Adverse Benefit Determination). Sa abisong ito, ipaaalam sa iyo na ang mga serbisyo ay tinanggihan, ipinagpaliban, binawasan, o itinigil, at bibigyan ka ng impormasyon kung paano maghain ng apela.

Maaari kang humingi ng karagdagang impormasyon mula sa county tungkol sa kanilang proseso ng awtorisasyon.

Kung hindi ka sang-ayon sa desisyon ng county tungkol sa proseso ng awtorisasyon, puwede kang maghain ng apela. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang seksyong "Resolusyon sa Problema" (Problem Resolution) sa handbook na ito.

**Ano ang Medikal na Pangangailangan?**

Dapat medikal na kinakailangan at klinikal na naaangkop ang mga serbisyong natatanggap mo para matugunan ang iyong kondisyon. Para sa mga miyembro na 21 taon pataas, medikal na kinakailangan ang isang serbisyo kapag makatuwiran at kinakailangan ito para maprotektahan ang iyong buhay, maiwasan ang malubhang sakit o kapansanan, o para maibsan ang matinding kirot.

Para sa mga miyembro na wala pang 21 taon, itinuturing na medikal na kinakailangan ang isang serbisyo kung itinatama, pinapanatili, sinusuportahan, pinapabuti, o tinutulungang makayanan ang isang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali. Itinuturing na medikal na kinakailangan ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o tumutulong na makayanan ang kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali at saklaw bilang mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot.

**Paano Ko Makukuha ang Iba Pang mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip na Hindi Saklaw ng County?**

Kung naka-enroll ka sa pinamamahalaang plano ng pangangalaga, may access ka sa mga sumusunod na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ng outpatient sa pamamagitan ng iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga:

- Pagsusuri at paggamot sa kalusugan ng pag-iisip, kabilang ang therapy ng indibidwal, grupo, at pamilya.
- Psychological at neuropsychological na pagsusulit, kapag klinikal na ipinapahiwatig para masuri ang isang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip.
- Mga serbisyo sa outpatient para sa pagsusubaybay sa mga resetang gamot.
- Konsultasyon para sa mga may sakit sa isip.

Para makakuha ng isa sa mga serbisyo sa itaas, direktang tumawag sa iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga. Kung wala ka sa pinamamahalaang plano ng pangangalaga, puwede mong makuha ang mga serbisyong ito mula sa mga indibidwal na provider at klinika na tumatanggap ng Medi-Cal. Maaaring tumulong ang county na makahanap ng provider o klinika para sa iyo.

Maaaring punan ng alinmang parmasya na tumatanggap ng Medi-Cal ang mga resetang gamot para sa kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip. Pakitandaan na karamihan sa resetang gamot na ibinigay ng isang parmasya, na tinatawag na Medi-Cal Rx, ay saklaw ng programang Bayad-Para sa-Serbisyo (Fee-For-Service) ng Medi-Cal, hindi ng iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga.

**Anong Iba Pang Serbisyo sa Sakit na Dulot ng Paggamit ng Substansya ang Makukuha Mula sa mga Pinamamahalaang Plano ng Pangangalaga o sa Programang "Bayad Para sa Serbisyo" ng Medi-Cal?**

Dapat magbigay ang mga pinamamahalaang plano ng pangangalaga ng saklaw na mga serbisyo sa sakit na dulot ng paggamit ng substansya sa mga lugar ng pangunahing pangangalaga at screening para sa tabako, alak, at ilegal na droga. Dapat din nilang saklawin ang mga serbisyo sa sakit na dulot ng paggamit ng substansya para sa mga buntis na miyembro, pati na ang screening, pagsusuri, maikling interbensyon, at pagpapasa sa angkop na lugar ng paggamot para sa mga miyembrong edad 11 pataas. Dapat magbigay o magsaayos ang mga pinamamahalaang plano ng pangangalaga ng mga serbisyo ng mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksyon (Medications for Addiction Treatment) (tinatawag ding mga Medikasyon na Sinusuportahan ang Paggamot) na ibinibigay sa pangunahing pangangalaga, ospital ng inpatient, mga departmento ng emergency, at iba pang nakakontratang medikal na lugar. Dapat ding magbigay ang mga pinamamahalaang plano ng pangangalaga ng mga serbisyong pang-emergency na kinakailangan para maging maayos ang kalagayan ng miyembro, kabilang ang kusang-loob na detoxification ng inpatient.

**Paano Ko Makukuha ang Iba Pang mga Serbisyo ng Medi-Cal (Pangunahing Pangangalaga/Medi-Cal)?**

Kung nasa pinamamahalaang plano ng pangangalaga ka, responsibilidad ng county na maghanap ng provider para sa iyo. Kung hindi ka naka-enroll sa pinamamahalaang plano ng pangangalaga at mayroong "regular" na Medi-Cal, na tinatawag ding Bayad-Para sa-Serbisyo ng Medi-Cal, maaari kang magpunta sa anumang provider na tumatanggap ng Medi-Cal. Kailangan mong sabihan ang iyong provider na mayroon kang Medi-Cal bago ka magsimulang tumanggap ng mga serbisyo. Kung hindi, maaari kang singilin para sa mga serbisyong iyon. Maaari mong gamitin ang provider na wala sa iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga para sa mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya.

Behavioral Health

**Bakit Maaaring Kailanganin Ko ang mga Serbisyo ng Ospital sa Inpatient na May Sakit sa Isip (Psychiatric Inpatient Hospital Services)?**

Maaari kang i-admit sa isang ospital kung mayroon kang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip o mga senyales ng kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip na hindi maaaring ligtas na gamutin sa mas mababang antas ng pangangalaga, at dahil sa kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip o mga sintomas ng kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip, ikaw ay:

- Magdudulot ng panganib sa sarili mo, sa iba, o sa pag-aari.
- Hindi mo maalagaan ang sarili mo sa pagkain, pananamit, o tirahan.
- Nagdudulot ng matinding panganib sa iyong pisikal na kalusugan.
- Kamakailan lang ay nagkaroon ng malaking pagbaba sa kakayahang gumanap bilang resulta ng isang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip.
- Nangangailangan ng pagsusuri, paggagamot, o iba pang paggamot sa sakit sa isip na maibibigay lang sa ospital.

## PAGPILI NG PROVIDER

### Paano Ko Mahahanap ang Provider Para sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali na Kailangan Ko?

Kailangang i-post ng iyong county ang kasalukuyang direktoryo ng provider sa online. Makikita mo ang link ng direktoryo ng provider sa seksyon ng County Contact ng handbook na ito. Naglalaman ang direktoryo ng impormasyon tungkol sa lokasyon ng mga provider, mga serbisyong ibinibigay nila, at iba pang detalye para matulungan kang ma-access ang pangangalaga, kabilang na ang impormasyon tungkol sa mga serbisyong pangkultura at wika na ibinibigay ng mga provider.

Kung may tanong ka tungkol sa kasalukuyang mga provider o gusto mo ng updated na direktoryo ng provider, bisitahin ang website ng iyong county o gamitin ang numero ng telepono na nasa pabalat ng handbook na ito. Puwede kang humingi ng listahan ng mga provider sa paraang nakasulat o sa pamamagitan ng koreo kung hihilingin mo ito.

**Tandaan:** Maaaring maglagay ang county ng ilang limitasyon sa pagpili mo ng mga provider. Kapag nagsimula kang tumanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip sa unang pagkakataon, maaari mong hilingin na bigyan ka ng iyong county ng inisyal na pagpipilian na hindi bababa sa dalawang provider. Dapat ka ring pahintulutan ng iyong county na magpalit ng mga provider. Kung hihilingin mong magpalit ng provider, dapat pahintulutan ka ng county na pumili sa pagitan ng hindi bababa sa dalawang provider hangga't posible. Responsibilidad ng iyong county na tiyaking may agarang access ka sa pangangalaga at sapat ang dami ng mga provider na malapit sa iyo para masiguradong makukuha mo ang mga saklaw na mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali kung kailangan mo ang mga ito.

Minsan, may mga provider na kinontrata ng county ang pumipiling hindi na magbigay ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, maaaring dahil hindi na sila kinokontrata ng county o hindi na sila tumatanggap ng Medi-Cal. Kapag nangyari ito, dapat magsikap ang county na magbigay ng nakasulat na abiso sa bawat tao na tumatanggap ng serbisyo mula sa provider. Kailangan mong makatanggap ng abiso 30 araw ng kalendaryo bago ang bisa ng pagtatapos o 15 araw ng kalendaryo pagkatapos malaman ng county na titigil na sa pagtatrabaho ang provider. Kapag nangyari ito, dapat kang pahintulutan ng iyong county na patuloy na tanggapin ang mga serbisyo mula sa provider na umalis sa county, kung sang-ayon ka at ang provider. Tinatawag itong "pagpapatuloy ng pangangalaga" (continuity of care) at ipinapaliwanag ito sa ibaba.

**Tandaan:** Ang mga indibidwal na American Indian at Alaska Native na kwalipikado para sa Medi-Cal at nakatira sa mga county na lumahok sa Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal ay makakatanggap rin ng mga serbisyo ng Organisadong Sistema ng

Behavioral Health

Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal sa pamamagitan ng Mga Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa Indian (Indian Health Care Providers) na na may kinakailangang sertipiko mula sa Drug Medi-Cal.

**Maaari Ko Bang Ipagpatuloy ang mga Serbisyong May Espesyalidad sa Kalusugan ng Pag-iisip Mula sa Kasalukuyang Provider Ko?**

Kung kasalukuyan kang tumatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip mula sa isang pinamamamahalaang plano ng pangangalaga, puwede mong ipagpatuloy ang serbisyo mula sa provider na iyon kahit tumatanggap ka rin ng serbisyo mula sa iba pang provider sa kalusugan ng pag-iisip, basta't ang mga serbisyo ay kinokoordina sa pagitan ng mga provider at ang mga serbisyo ay hindi magkapareho.

Dagdag pa rito, kung kasalukuyan kang tumatanggap ng serbisyo mula sa ibang plano sa kalusugan ng pag-iisip, pinamamamahalaang plano ng pangangalaga, o indibidwal na provider ng Medi-Cal, puwede kang humiling ng "pagpapatuloy ng pangangalaga" upang manatili sa iyong kasalukuyang provider hanggang 12 buwan. Maaaring kailanganin mong humiling ng pagpapatuloy ng pangangalaga kung kailangan mong manatili sa kasalukuyan mong provider para ipagpatuloy ang kasalukuyang paggamot o magiging sanhi ng malubhang pinsala sa iyong kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip ang paglipat sa isang bagong provider. Maaaring maaprubahan ang iyong kahilingang pagpapatuloy ng pangangalaga kung totoo ang mga sumusunod:

- May kasalukuyan kang ugnayan sa provider na hinihilingan mo at kumonsulta ka sa provider na ito sa nakaraang 12 buwan;
- Kailangan mong manatili sa iyong kasalukuyang provider para ipagpatuloy ang paggamot at maiwasan ang malubhang pinsala sa kalusugan o mabawasan ang panganib ng pagpapaospital o pagpasok sa institusyon.
- Kwalipikado ang provider at nakakatugon sa mga kinakailangan ng Medi-Cal;
- Sumasang-ayon ang provider sa mga hinihingi ng plano sa kalusugan ng pag-iisip para sa pagkikipagkontrata sa plano sa kalusugan ng pag-iisip at pagbabayad para sa mga serbisyo; at
- Nagbabahagi ang provider ng kaugnay na dokumentasyon sa county tungkol sa iyong pangangailangan ng serbisyo.

**Maaari Ko Bang Ipagpatuloy ang Pagtanggap ng Mga Serbisyo sa Sakit na Dulot ng Paggamit ng Substansya Mula sa Aking Kasalukuyang Provider?**

Maaari kang humiling na panatilihin ang iyong provider na wala sa network sa loob ng isang takdang panahon kung:

- May kasalukuyan kang ugnayan sa provider na hinihilingan mo at kumonsulta ka sa provider na ito bago ang petsa ng paglipat mo sa Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal ng county.
- Kailangan mong manatili sa iyong kasalukuyang provider para ipagpatuloy ang paggamot at maiwasan ang malubhang pinsala sa kalusugan o mabawasan ang panganib ng pagpapaospital o pagpasok sa institusyon.

**KARAPATAN MO SA PAG-ACCESS NG MGA REKORD NG KALUSUGAN NG PAG-UUGALI AT IMPORMASYON TUNGKOL SA DIREKTORYO NG PROVIDER GAMIT ANG MGA SMART DEVICE**

Puwede mong ma-access ang iyong mga rekord ng kalusugan ng pag-uugali o makahanap ng provider gamit ang isang aplikasyon na maaaring i-download sa computer, smart tablet, o mobile device. Makakakita ka ng impormasyon tungkol sa mga bagay na dapat mong isaalang-alang bago pumili ng aplikasyon sa website ng iyong county, na nakalista sa seksyon ng County Contact ng handbook na ito.

## SAKLAW NG MGA SERBISYO

Kung kwalipikado ka para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, narito ang mga serbisyo na available batay sa pangangailangan mo. Makikipagtulungan sa iyo ang provider para pagpasyahan kung aling mga serbisyo ang angkop sa iyo.

### Mga Serbisyong May Espesyalidad sa Kalusugan ng Pag-iisip

#### *Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip (Mental Health Services)*

- Ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ay mga serbisyo sa paggamot na nakabatay sa indibidwal, grupo, o pamilya na tumutulong sa mga taong may mga kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip na makabuo ng mga kasanayan sa pagharap sa pang-araw-araw na pamumuhay. Kabilang sa mga serbisyong ito ang mga gawaing isinasagawa ng provider para gawing mas mainam ang mga serbisyo para sa taong tumatanggap ng pangangalaga. Kasama sa mga ito ang pagsusuri upang malaman kung kailangan mo ang serbisyo at kung ito ay epektibo; pagpaplano ng paggamot upang matukoy ang mga layunin ng iyong paggamot sa kalusugan ng pag-iisip at ang partikular na mga serbisyong ibibigay; at "collateral," na nangangahulugang pakikipagtulungan sa mga miyembro ng pamilya at mahalagang tao sa buhay mo (kung magbibigay ka ng permiso) upang matulungan kang mapabuti o mapanatili ang kakayahan mo sa pang-araw-araw na pamumuhay.

- Puwedeng ibigay ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip sa klinika, tanggapan ng provider, iyong tirahan, o ibang lugar sa komunidad. Maaari rin itong gawin sa telepono o telehealth (kasama ang interaksyong audio lamang at video). Makikipagtulungan ang county at provider sa iyo upang matukoy ang dalas ng mga serbisyo/appointment mo.

#### *Mga Serbisyo ng Suporta sa Medikasyon (Medication Support Services)*

- Kasama sa mga serbisyong ito ang pagrereseta, pagbibigay, pamamahagi, at pagsubaybay sa mga gamot para sa sakit sa isip Puwedeng magbigay ng edukasyon tungkol sa gamot ang provider mo. Puwedeng ibigay ang mga serbisyong ito sa klinika, tanggapan ng doktor, iyong tirahan, lugar sa komunidad, sa telepono o telehealth (kasama ang interaksyong audio lamang at video).

#### *Nakatuong Pangangasiwa sa Kaso (Targeted Case Management)*

- Tumutulong ang serbisyong ito sa mga miyembro sa pagkuha ng mga serbisyong pangmedikal, pang-edukasyon, panlipunan, pang-prevocational, pang-vocational, pangrehabilitasyon, o iba pang mga serbisyo sa komunidad kapag nahihirapan ang

mga taong may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip na makuha ang mga serbisyong ito sa sarili nila. Kasama sa nakatuong pangangasiwa sa kaso ang mga sumusunod, ngunit hindi limitado sa:

- Pagbuo ng plano;
- Komunikasyon, koordinasyon, at referral;
- Pagsubaybay sa paghahatid ng serbisyo upang matiyak ang access ng tao sa serbisyo at sistema ng paghahatid ng serbisyo; at
- Pagsubaybay ng progreso ng tao.

***Mga Serbisyo ng Interbensyon sa Krisis (Crisis Intervention Services)***

- Available ang serbisyong ito para tugunan ang agarang kondisyon na nangangailangan ng mabilisang atensyon. Layunin ng interbensyon sa krisis na tulungan ang mga tao sa komunidad upang hindi na nila kailanganing pumunta sa ospital. Maaaring tumagal nang hanggang sa walong oras ang interbensyon sa krisis at maaaring ibigay sa isang klinika o opisina ng provider, o sa iyong tahanan o iba pang lugar sa komunidad. Ang mga serbisyong ito ay maaari ring gawin sa telepono o sa pamamagitan ng telehealth.

***Mga Serbisyo ng Pagpapatatag sa Krisis (Crisis Stabilization Services)***

- Available ang serbisyong ito para tugunan ang agarang kondisyon na nangangailangan ng mabilisang atensyon. Hindi tatagal ng 24 na oras ang pagpapatatag sa krisis at dapat ibigay sa isang lisensyadong 24-oras na pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, sa isang programa ng outpatient na nakabatay sa ospital, o sa site ng provider na sertipikadong magbigay ng mga serbisyong ito.

***Mga Serbisyo ng Residensyal na Paggamot ng Nasa Wastong Gulang (Adult Residential Treatment Services)***

- Nagbibigay ang mga serbisyong ito ng paggamot sa kalusugan ng pag-iisip sa mga taong may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip na nakatira sa mga lisensyadong pasilidad na pang-residensyal. Tumutulong silang magtatag ng mga kasanayan at nagbibigay ng mga serbisyo ng paggamot para sa mga taong may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip. Available ang mga serbisyong ito 24 na oras kada araw, pitong araw kada linggo. Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang gastos para sa silid at pagkain sa mga pasilidad na ito.

*Mga Serbisyo ng Residensyal na Paggamot sa Krisis (Crisis Residential Treatment Services)*

- Nagbibigay ang mga serbisyong ito ng paggamot sa kalusugan ng pag-iisip at pagpapahusay ng kasanayan para sa mga taong may seryosong krisis sa kalusugan ng isip o emosyon. Hindi ito para sa mga taong nangangailangan ng pangangalaga sa ospital para sa sakit sa isip. Available sa mga lisensyadong pasilidad ang mga serbisyong ito 24 na oras kada araw, pitong araw kada linggo. Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang gastos para sa silid at pananatili sa mga pasilidad na ito

*Mga Masinsinang Serbisyo ng Paggamot sa Maghapon (Day Treatment Intensive Services)*

- Ito ay isang binalangkas na programa ng paggamot sa kalusugan ng pag-iisip na ibinibigay sa isang grupo ng mga taong maaaring kailangang magpunta sa ospital o iba pang 24-oras na pasilidad ng pangangalaga. Tumatagal nang tatlong oras kada araw ang programa. Kasama rito ang therapy, psychotherapy, at mga aktibidad sa pagpapalakas ng kasanayan.

*Rehabilitasyon sa Maghapon (Day Rehabilitation)*

- Layunin ng programang ito na tulungan ang mga tao na may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip na matuto at paunlarin ang mga kasanayan sa pagharap at mga kasanayan sa buhay upang mas mahusay na pamahalaan ang kanilang mga sintomas. Tumatagal nang hindi bababa sa tatlong oras kada araw ang programang ito. Kasama rito ang therapy at mga aktibidad sa pagpapalakas ng kasanayan.

*Mga Serbisyo ng Ospital sa Inpatient na May Sakit sa Isip (Psychiatric Inpatient Hospital Services)*

- Ito ang mga serbisyong ibinibigay sa isang lisensyadong ospital para sa mga may sakit sa isip. Ang isang lisensyadong propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip ang magpapasya kung kailangan ng isang tao ng masinsinang paggamot nang tuloy-tuloy para sa kanilang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip. Kung magpapasya ang propesyonal na kailangan ng miyembro ng tuloy-tuloy na paggamot, kinakailangang manatili ang miyembro sa ospital ng 24 na oras sa isang araw.

*Mga Serbisyo ng Pangkalusugang Pasilidad Para sa mga May Sakit sa Isip (Psychiatric Health Facility Services)*

- Iniaalok ang mga serbisyong sa isang lisensyadong pangkalusugang pasilidad para sa mga may sakit sa isip na espesyalisado sa 24-oras na rehabilitasyon para sa

malubhang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip. Kinakailangang may kasunduan sa isang kalapit na ospital o klinika ang mga pangkalusugang pasilidad para sa mga may sakit sa isip upang matugunan ang mga pangangailangan sa pisikal na kalusugan ng mga tao sa pasilidad. Ang mga pangkalusugang pasilidad para sa mga may sakit sa isip ay maaaring mag-admit at gumamot lamang ng mga pasyente na walang kondisyon sa pisikal na kalusugan o pinsala na mangangailangan ng paggamot na higit pa sa maaaring matugunan sa isang outpatient na batayan.

***Mga Terapeutikong Serbisyo sa Pag-uugali (Therapeutic Behavioral Services)***

Ang mga Terapeutikong Serbisyo sa Pag-uugali ay isang masinsinang pansamantalang paggamot para sa mga miyembro hanggang sa edad na 21. Partikular na idinisenyo ang mga serbisyong ito para sa bawat miyembro. Ang mga miyembrong tumatanggap ng mga serbisyong ito ay may malubhang emosyonal na suliranin, dumaranas ng nakaka-stress na pagbabago o krisis sa buhay, at nangangailangan ng karagdagang pansamantala at tiyak na mga serbisyo ng suporta.

Isang uri ng serbisyong may espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip ang mga serbisyong ito na available sa pamamagitan ng county kung ikaw ay may malubhang emosyonal na problema. Para makakuha ng mga Terapeutikong Serbisyo sa Pag-uugali, dapat tumatanggap ka ng serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, wala pang edad 21, at mayroong buong saklaw ng Medi-Cal.

- Kung nakatira ka sa bahay, maaaring magtrabaho ang isang kawani ng mga Terapeutikong Serbisyo sa Pag-uugali nang sarilinan kasama ka upang mabawasan ang matinding problema sa pag-uugali at maiwasan mong mangailangan ng mas mataas na antas ng pangangalaga, tulad ng isang group home para sa mga bata -at kabataan na wala pang edad 21 na may malubhang emosyonal na problema.

- Kung nakatira ka sa isang out-of-home placement, maaaring magtrabaho ang isang kawani ng mga Terapeutikong Serbisyo sa Pag-uugali na kasama ka upang maibalik ka sa iyong tahanan o sa isang lugar na nakabatay sa pamilya, tulad ng bahay-ampunan.

Tutulungan ka at ang iyong pamilya, caregiver, o guardian ng mga Terapeutikong Serbisyo sa Pag-uugali na matuto ng mga bagong paraan para tugunan ang iyong mga problema sa pag-uugali at para madagdagan ang mga uri ng pag-uugali na tutulong sa iyong magtagumpay. Ikaw, ang kawani ng mga Terapeutikong Serbisyo sa Pag-uugali, at ang iyong pamilya, caregiver, o guardian ay magtutulungan bilang isang team para tugunan ang mga problema sa pag-uugali sa loob ng maikling panahon hanggang sa hindi mo na kailangan ng mga terapeutikong serbisyo sa pag-uugali. Magkakaroon ka ng plano ng mga Terapeutikong Serbisyo sa Pag-uugali na magpapakita kung ano ang gagawin mo, ng iyong

pamilya, caregiver, o guardian, at ng kawani ng mga Terapeutikong Serbisyo sa Pag-uugali habang tumatanggap ng mga serbisyong ito. Kasama sa plano ng mga Terapeutikong Serbisyo sa Pag-uugali ang mga oras at lugar kung kailan at saan isasagawa ang mga serbisyo. Maaaring makipagtulungan sa iyo ang kawani ng mga Terapeutikong Serbisyo sa Pag-uugali sa karamihan ng lugar kung saan mo kailangan ng tulong. Kabilang dito ang iyong tahanan, bahay-ampunan, paaralan, programa ng paggamot sa maghapon, at iba pang lugar sa komunidad.

***Koordinasyon ng Masinsinang Pangangalaga (Intensive Care Coordination)***

Ito ay isang nakatuong serbisyo sa pamamahala ng kaso na nagpapadali ng pagsusuri, pagpaplano ng pangangalaga, at koordinasyon ng mga serbisyo para sa mga benepisyaryo na wala pang edad 21. Ang serbisyong ito ay para sa mga kwalipikado sa buong saklaw ng mga serbisyo ng Medi-Cal at mga nire-refer sa serbisyo batay sa medikal na pangangailangan. Ibinibigay ang serbisyong ito sa pamamagitan ng mga prinsipyo ng Integrated Core Practice Model. Kasama rito ang pagtataguyod ng Team ng Bata at Pamilya upang matiyak ang isang mabuting ugnayan ng komunikasyon sa pagitan ng isang bata, ang kanilang pamilya, at mga sistemang may kaugnayan sa mga bata.

Kasama sa Team ng Bata at Pamilya ang propesyonal na suporta (halimbawa: tagakoordina ng pangangalaga, mga provider, at mga tagapamahala ng pangangalaga mula sa mga ahensyang nagsisilbi para sa mga bata), likas na suporta (halimbawa: mga miyembro ng pamilya, mga kapitbahay, mga kaibigan, at mga klero), at iba pang mga tao na nagtutulungan upang bumuo at isakatuparan ang plano ng kliyente. Sinusuportahan at tinitiyak ng team na ito na maaabot ng mga bata at pamilya ang kanilang mga layunin.

Ang serbisyong ito ay may tagakoordina na:

- Tumitiyak na maa-access, maikokoordina, at maibibigay ang mga serbisyong medikal na kinakailangan sa paraang nakabatay sa lakas, pang-indibidwal, batay sa layunin ng kliyente, naaangkop sa kultura at wika.

- Tinutukoy kung ang mga serbisyo at suporta ay nakabatay sa pangangailangan ng bata.

- Nagtutulungan upang magtaguyod ng isang paraan kung paano magsasanib-puwersa ang lahat para sa bata, pamilya, mga provider, atbp.

- Sinusuportahan ang magulang/tagapag-alaga sa pagtulong upang matugunan ang pangangailangan ng bata

- Tinutulungan ang pagtataguyod ng Team ng Bata at Pamilya at nagbibigay ng tuloy-tuloy na suporta.

- Tinitiyak na ang bata ay inaalagaan ng ibang mga sistema ng pagsisilbi para sa mga bata kapag kinakailangan.

***Mga Masinsinang Serbisyong Nakabatay sa Tahanan (Intensive Home-Based Services)***

- Partikular na idinisenyo ang mga serbisyong ito para sa bawat miyembro. Kasama rito ang mga interbensyong nakabatay sa lakas upang mapabuti ang mga kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip na maaaring magpahirap sa pagganap ng bata/kabataan. Layunin ng mga serbisyong ito na tulungan ang bata/kabataan na magkaroon ng mga kinakailangang kasanayan upang magtagumpay sa bahay at komunidad at mapabuti ang kakayahan ng pamilya na tulungan silang magtagumpay.

- Ibinibigay ang mga Masinsinang Serbisyong Nakabatay sa Tahanan sa ilalim ng Integrated Core Practice Model ng Team ng Bata at Pamilya. Ginagamit nito ang kabuuang plano ng serbisyo ng pamilya. Ibinibigay ang mga serbisyong ito ay sa mga miyembro na wala pang edad 21 na kwalipikado para sa buong saklaw ng mga serbisyo ng Medi-Cal. Kinakailangan ang referral batay sa medikal na pangangailangan upang matanggap ang mga serbisyong ito.

***Terapeutikong Pangangalaga sa mga Ulila (Therapeutic Foster Care)***

- Ang modelo ng serbisyo ng Terapeutikong Pangangalaga sa mga Ulila ay nagbibigay ng pansamantala, masinsinan, at nagbibigay-impormasyon tungkol sa trauma na mga serbisyong may espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga bata hanggang sa edad na 21 na may komplikadong pangangailangan sa emosyon at pag-uugali. Partikular na idinisenyo ang mga serbisyong ito para sa bawat miyembro. Sa Terapeutikong Pangangalaga sa mga Ulila, ang mga bata ay inilalagay kasama ng mga sinanay, sinusubaybayan, at sinusuportahang mga magulang ng Terapeutikong Pangangalaga sa mga Ulila.

***Muling Pagpasok na Sangkot ang Hustisya (Justice-Involved Reentry)***

- Nagbibigay ang serbisyong ito ng mga serbisyong pangkalusugan sa mga miyembrong sangkot sa hustisya hanggang 90 araw bago ang kanilang paglabas mula sa pagkakakulong. Ang mga uri ng serbisyong magagamit ay kinabibilangan ng pamamahala sa kaso ng muling pagpasok, mga serbisyo ng klinikal na konsultasyon sa kalusugan ng pag-uugali, mga suporta ng kasamahan, pagpapayo sa kalusugan ng pag-uugali, therapy, edukasyon sa pasyente, mga serbisyo ng gamot, pagpapaplano pagkatapos ng paglabas at paglaya, mga serbisyo ng laboratoryo at

radiology, impormasyon tungkol sa gamot, mga serbisyo ng suporta, at tulong sa pagpaparehistro sa tamang provider, halimbawa isang Programa ng Paggamot sa Narkotiko upang magpatuloy sa Gamot na Sinusuportahan ang Paggamot pagkatapos ng paglabas. Upang matanggap ang mga serbisyong ito, ang mga indibidwal ay kailangang maging miyembro ng Medi-Cal o CHIP, at:

  - Kung wala pang edad 21 at nakakulong sa isang Pasilidad para sa Pagwawasto ng Kabataan (Youth Correctional Facility).
  - Kung isang nasa hustong gulang, dapat nasa kustodiya at natutugunan ang isa sa mga pangangailangan ng programa ng pangangalagang pangkalusugan.

- Makipag-ugnayan sa iyong county gamit ang numero ng telepono na nasa pabalat ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon tungkol sa serbisyong ito.

***Mga Serbisyo ng Suporta ng Kasamahan ng Medi-Cal (Medi-Cal Peer Support Services) (nag-iiba ayon sa county)***

- Ang mga Serbisyo ng Suporta ng Kasamahan ay nagtataguyod ng pagbangon, katatagan, pakikilahok, pakikisama, kakayahang paglaanan ang sarili, pagtataguyod ng sarili, pagbuo ng likas na suporta, at pagtukoy ng mga lakas sa pamamagitan ng binalangkas na mga aktibidad. Maaaring ibigay ang mga serbisyong ito sa iyo o sa iyong itinalagang mahalagang (mga) tao sa suporta at maaaring matanggap kasabay ng iba pang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip. Ang Espesyalista sa Suporta ng Kasamahan (Peer Support Specialist) sa mga Serbisyo ng Suporta ng Kasamahan ng Medi-Cal ay isang indibidwal na may personal na karanasan sa kalusugan ng pag-uugali o kondisyong dulot ng paggamit ng substansya at nasa pagbangon, nakatapos ng mga kinakailangan ng isang programa ng sertipikasyon na inaprubahan ng estado ng county, sinertipikahan ng county, at nagbibigay ng mga serbisyong ito sa ilalim ng pamamahala ng isang Propesyonal sa Kalusugan ng Pag-uugali na lisensyado, may waiver, o rehistrado sa Estado.

- Ang mga Serbisyo ng Suporta ng Kasamahan ng Medi-Cal ay kinabibilangan ng pagtuturo sa indibidwal at grupo, mga grupo para sa pagbuo ng kasanayan sa edukasyon, pag-navigate sa mapagkukunan, mga serbisyo ng pakikilahok upang hikayatin kang lumahok sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali, at mga terapeutikong aktibidad tulad ng pagpapalakas ng pagtataguyod ng sarili.

- Maaaring maging kwalipikado sa serbisyong ito ang mga miyembro na wala pang edad 21 sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot anuman ang county kung saan sila naninirahan.

Behavioral Health

- Opsyonal ang pagbibigay ng Mga Serbisyo ng Suporta ng Kasamahan ng Medi-Cal para sa mga kalahok na county. Tingnan ang seksyong “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” (Additional Information About Your County) na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung ang iyong county ay nagbibigay ng serbisyong ito.

***Mga Mobile na Serbisyo Para sa Krisis (Mobile Crisis Services)***

- Available ang mga Mobile na Serbisyo Para sa Krisis kung ikaw ay dumaranas ng krisis sa kalusugan ng pag-iisip.

- Ibinibigay ng mga provider ng kalusugan ang mga Mobile na Serbisyo Para sa Krisis sa lugar kung saan ka nakararanas ng krisis, kabilang ang iyong tahanan, trabaho, paaralan, o iba pang lokasyon sa komunidad, maliban sa ospital o iba pang pasilidad. Available ang mga Mobile na Serbisyo Para sa Krisis 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo, at 365 araw bawat taon.

- Ang mga Mobile na Serbisyo Para sa Krisis ay kinabibilangan ng mabilis na tugon, indibidwal na pagsusuri, at pagpapatatag na nakabatay sa komunidad. Kung kinakailangan mo ng karagdagang pangangalaga, ang mga provider ng mobile para sa krisis ay magbibigay din ng mga warm handoff o referral sa iba pang mga serbisyo.

**Serbisyo sa Sakit na Dulot ng Paggamit ng Substansya**

***Ano ang Mga Serbisyo ng County ng Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal?***

Ang mga serbisyo ng county na Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal ay para sa mga taong may kondisyon sa paggamit ng substansya, ibig sabihin, maaaring sila ay umaabuso sa alak o ibang droga, o mga tao na maaaring nanganganib magkaroon ng kondisyon sa paggamit ng substansya na hindi kayang gamutin ng isang pediatrician o pangkalahatang doktor. Kabilang sa mga serbisyong ito ang mga gawaing isinasagawa ng provider para gawing mas mainam ang mga serbisyo para sa taong tumatanggap ng pangangalaga. Kabilang dito ang mga pagsusuri upang matukoy kung kailangan mo ng serbisyo at kung gumagana ang serbisyo.

Puwedeng ibigay ang mga serbisyo ng Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal sa klinika, tanggapan ng provider, iyong tirahan, o ibang lugar sa komunidad. Maaari rin itong gawin sa telepono o telehealth (kasama ang interaksyong audio lamang at video). Makikipagtulungan ang county at provider sa iyo upang matukoy ang dalas ng mga serbisyo/appointment mo.

***Gamot sa Adikasyon ng Samahan ng mga Amerikano (American Society of Addiction Medicine, ASAM)***

Ang ilan sa mga serbisyong ibinibigay ng Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal na maaari mong matanggap ay batay sa mga pamantayan ng Gamot sa Adiksyon ng Samahan ng mga Amerikano. Gagamitin ng county o provider ang tool ng Gamot sa Adiksyon ng Samahan ng mga Amerikano upang matukoy ang tamang uri ng serbisyo para sa iyo – kung kinakailangan. Ang mga serbisyong ito ay inilarawan bilang mga “level ng pangangalaga,” (levels of care) at ipinaliwanag sa ibaba.

***Screening, Pagsusuri, Maikling Interbensyon, at Referral sa Paggamot (Screening, Assessment, Brief Intervention, and Referral to Treatment) (American Society of Addiction Medicine Level 0.5)***

Hindi saklaw ng benepisyong Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal ang Screening sa Alak at Droga, Pagsusuri, Maikling Interbensyon, at Referral sa Paggamot (Screening, Assessment, Brief Interventions, and Referral to Treatment, SABIRT). Benepisyo ito ng Bayad para sa Serbisyo ng Medi-Cal at sistema ng paghahatid ng pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal para sa mga miyembrong 11 taon pataas. Kailangang magbigay ang mga pinamamahalaang plano ng pangangalaga ng mga saklaw na mga serbisyo sa sakit na dulot ng paggamit ng substansya, kabilang ang serbisyong ito para sa mga miyembrong may edad 11 taon pataas.

***Mga Serbisyo ng Maagang Interbensyon (Early Intervention Services)***

Ang mga serbisyo ng maagang interbensyon ay isang saklaw na serbisyo ng Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal para sa mga miyembro na may edad 21 pababa. Sinumang miyembro na wala pang edad 21 na dumaan sa screening at natukoy na nanganganib magkaroon ng sakit na dulot ng paggamit ng substansya ay maaaring makatanggap ng anumang serbisyong saklaw sa ilalim ng antas ng serbisyo ng outpatient bilang mga serbisyo sa maagang interbensyon. Hindi kailangan ang diagnosis sa sakit na dulot ng paggamit ng substansya para sa mga serbisyo ng maagang interbensyon para sa mga miyembrong wala pang edad 21.

***Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnosis, and Treatment)***

Maaaring makakuha ng mga serbisyong inilarawan sa handbook na ito ang mga miyembro na may edad 21 pababa pati na rin ng mga karagdagang serbisyo ng Medi-Cal sa pamamagitan ng benepisyong tinatawag na Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot.

Para makuha ang mga serbisyong Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot, ang miyembro ay kailangang may edad 21 pababa at may buong saklaw ng Medi-Cal. Saklaw ng benepisyong ito ang mga serbisyong medikal na kailangan upang itama o tulungan ang mga kondisyon sa pisikal at kalusugan ng pag-uugali. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o nagpapagaan ng isang kondisyon ay itinuturing na tumutulong sa kondisyon at saklaw bilang mga serbisyong Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot. Ang mga pamantayan ng pag-access para sa mga miyembro na may edad 21 pababa ay naiiba at mas flexible kaysa sa pamantayan ng pag-access para sa mga nasa hustong gulang na kumukuha ng mga serbisyo ng Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal, upang matugunan ang kinakailangan para sa Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot at ang layunin para sa pag-iwas at maagang interbensyon ng mga kondisyon sa paggamit ng substansya.

Kung may mga tanong ka tungkol sa mga serbisyong ito, maaari mong tawagan ang iyong county o bisitahin ang webpage ng DHCS Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot.

***Mga Serbisyo ng Paggamot sa Outpatient (Outpatient Treatment Services) (American Society of Addiction Medicine Level 1)***

- Ibinibigay ang mga serbisyo ng pagpapayo sa mga miyembro nang hanggang sa siyam na oras kada linggo para sa mga nasa hustong gulang at hindi hihigit sa anim na oras kada linggo para sa mga miyembro na wala pang edad 21 kung medikal na kinakailangan. Maaari kang makakuha ng mas maraming oras batay sa iyong mga pangangailangan. Ang mga serbisyo ay maaaring ibigay ng isang lisensyadong tao, tulad ng isang tagapayo, nang personal, sa telepono, o sa pamamagitan ng telehealth.

- Ang mga Serbisyo sa Outpatient ay kinabibilangan ng pagsusuri, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo (indibidwal at grupo), family therapy, mga serbisyo ng gamot, mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksyon dahil sa sakit na dulot ng paggamit ng opioid, mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksyon dahil sa sakit na dulot ng pag-inom ng alak at iba pang sakit na dulot ng paggamit ng substansya na walang kaugnayan sa opioid, edukasyon sa pasyente, mga serbisyo sa pagpapapagaling, at mga serbisyo ng interbensyon sa krisis dahil sa sakit na dulot ng paggamit ng substansya.

***Mga Masinsinang Serbisyo sa Outpatient (Intensive Outpatient Services) (American Society of Addiction Medicine Level 2.1)***

- Ibinibigay sa mga miyembro ang Mga Serbisyo ng Masinsinang Paggamot sa Outpatient nang may minimum na siyam na oras at maximum na 19 na oras kada linggo para sa mga nasa hustong gulang, at minimum na anim na oras at maximum na 19 na oras kada linggo para sa mga miyembrong wala pang edad 21 kapag medikal na kinakailangan. Maaaring lumampas sa maximum ang mga serbisyo batay sa medikal na pangangailangan ng indibidwal. Karamihan sa mga serbisyo ay pagpapayo at edukasyon tungkol sa mga problema na may kaugnayan sa adiksyon. Maaaring ibigay ng isang lisensyadong propesyonal o sertipikadong tagapayo ang mga serbisyo sa organisadong paraan. Maaaring ibigay ang Mga Serbisyo sa Masinsinang Paggamot ng Outpatient nang personal, sa telehealth, o sa telepono.

- Ang Mga Serbisyo ng Masinsinang Paggamot sa Outpatient ay kinabibilangan ng mga parehong serbisyo tulad ng sa Mga Serbisyo sa Outpatient. Mas maraming oras ng serbisyo ang pangunahing pagkakaiba.

***Bahagyang Pagpapaospital (Partial Hospitalization) (nag-iiba batay sa county) (American Society of Addiction Medicine Level 2.5)***

- Maaaring makakuha ng serbisyong ito ang mga miyembro na may edad 21 pababa sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot anuman ang county kung saan sila nakatira.

- Kasama sa mga serbisyo ng Bahagyang Pagpapaospital ang 20 o higit pang oras ng serbisyo bawat linggo, ayon sa kinakailangan ng medikal. May direktang access sa mga serbisyo para sa sakit sa isip, medikal, at laboratoryo ang mga programa ng bahagyang pagpapaospital at pagtugon sa mga natukoy na pangangailangan na dapat araw-araw na subaybayan o pangasiwaan pero maaaring angkop na tugunan sa isang klinika. Maaaring ibigay ang mga serbisyo nang personal, sa telehealth, o sa telepono.

- Magkatulad ang mga serbisyo ng Bahagyang Pagpapaospital sa Mga Serbisyo ng Masinsinang Paggamot sa Outpatient, na ang mahahabang oras at karagdagang access sa mga serbisyong medikal lang ang ipinagkaiba.

***Mga Residensyal na Paggamot (Residential Treatment) (nakadepende sa awtorisasyon ng county) (American Society of Addiction Medicine Levels 3.1 – 4.0)***

- Ang Residensyal na Paggamot ay isang programa na nagbibigay ng mga serbisyo ng rehabilitasyon sa mga miyembrong na-diagnose na may sakit na dulot ng paggamit ng substansya, kapag natukoy na medikal na kinakailangan. Maninirahan ang miyembro sa pag-aari at susuportahan ang kanilang mga pagsisikap na maibalik, mapanatili, gamitin ang mga kasanayan sa pakikipag-ugnayan at pamumuhay nang mag-isa sa pamamagitan ng pag-access sa mga sistema ng suporta ng komunidad. Personal na ibinibigay ang karamihan sa mga serbisyo; gayunpaman, maaari ring gamitin ang telehealth at telepono sa pagbibigay-serbisyo habang nasa residensyal na paggamot ang isang tao. Nagtutulungan ang mga provider at residente para tukuyin ang mga hadlang, magtakda ng mga priyoridad, bumuo ng mga layunin, at lutasin ang mga problema na nauugnay sa sakit na dulot ng paggamit ng substansya. Kabilang sa mga layunin ang hindi paggamit ng mga substansya, paghahanda para sa mga trigger ng pag-relapse, pagpapaunlad ng personal na kalusugan at kasanayan sa lipunan, at pakikilahok sa pangmatagalang pangangalaga.

- Nangangailangan ng awtorisasyon mula sa Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal ng county ang mga serbisyong residensyal.

- Ang mga Residensyal na Serbisyo ay kinabibilangan ng pagtanggap at pagsusuri, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo sa indibidwal, pagpapayo sa grupo, family therapy, mga serbisyo ng gamot, mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksyon dahil sa sakit na dulot ng paggamit ng opioid, mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksyon dahil sa sakit na dulot ng pag-inom ng alak at iba pang sakit na dulot ng paggamit ng substansya na walang kaugnayan sa opioid, edukasyon sa pasyente, mga serbisyo sa pagpapagaling, at mga serbisyo ng interbensyon sa krisis dahil sa sakit na dulot ng paggamit ng substansya.

- Kailangang mag-alok ng mga medikasyon para sa paggamot sa adiksyon na direkta sa site o matulungan ang mga miyembro na makakuha ng mga medikasyon para sa paggamot sa adiksyon sa labas ng site ang mga provider ng mga Residensyal na Serbisyo. Hindi matutugunan ang kinakailangang ito ng mga provider ng mga Residensyal na Serbisyo kung ibibigay lang nila ang impormasyon ng pakikipag-ugnayan sa mga provider ng mga medikasyon para sa paggamot sa adiksyon. Kinakailangan magbigay at magreseta ng mga gamot sa mga miyembrong saklaw ng Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal ang mga provider ng mga Residensyal na Serbisyo.

***Mga Serbisyo ng Paggamot sa Inpatient (Inpatient Treatment Services) (nakadepende sa awtorisasyon ng county) (nag-iiba batay sa county) (American Society of Addiction Medicine Levels 3.1 – 4.0)***

- Maaaring maging kwalipikado sa serbisyong ito ang mga benepisyaryo na wala pang edad 21 sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot anuman ang county kung saan sila nakatira.

- Ibinibigay ang mga serbisyo sa inpatient sa isang 24-oras na kalagayan na mayroong pagsusuri, pag-oobserba, medikal na pagsubaybay, at paggamot sa adiksyon sa isang inpatient na kalagayan na pinangungunahan ng propesyonal. Personal na ibinibigay ang karamihan sa mga serbisyo; gayunpaman, maaari ring gamitin ang telehealth at telepono sa pagbibigay-serbisyo habang nasa inpatient na paggamot ang isang tao.

- Napakaorganisado ng mga serbisyo sa inpatient at available nang 24 na oras araw-araw ang isang doktor sa site, kasama ang mga Rehistradong Nars (Registered Nurses), tagapayo sa adiksyon, at iba pang klinikal na kawani. Ang mga Serbisyo sa Inpatient ay kinabibilangan ng pagsusuri, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo, family therapy, mga serbisyo ng gamot, mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksyon dahil sa sakit na dulot ng paggamit ng opioid, mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksyon dahil sa sakit na dulot ng pag-inom ng Alak at iba pang sakit na dulot ng paggamit ng substansya na walang kaugnayan sa

opioid, edukasyon sa pasyente, mga serbisyo sa pagpapagaling, at mga serbisyo ng interbensyon sa krisis dahil sa sakit na dulot ng paggamit ng substansya.

***Programa ng Paggamot sa Narkotiko (Narcotic Treatment Program)***

- Ang mga Programa ng Paggamot sa Narkotiko ay mga programa sa labas ng ospital na nagbibigay ng mga gamot upang gamutin ang mga sakit na dulot ng paggamit ng substansya, kapag inireseta ng isang doktor bilang medikal na kinakailangan. Kinakailangan ng mga Programa ng Paggamot sa Narkotiko na magbigay ng mga gamot sa mga miyembro, kasama na ang methadone, buprenorphine, naloxone, at disulfiram.

- Dapat ialok sa miyembro, bilang minimum, ang 50 minuto ng mga sesyon ng pagpapayo bawat buwan ng kalendaryo. Maaaring ibigay ang mga serbisyo sa pagpapayong ito nang personal, sa telehealth, o sa telepono. Ang mga Serbisyo ng Paggamot sa Narkotiko ay kinabibilangan ng pagsusuri, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo, family therapy, medikal na psychotherapy, mga serbisyo ng gamot, pamamahala sa pangangalaga, mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksyon dahil sa sakit na dulot ng paggamit ng opioid, mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksyon dahil sa sakit na dulot ng pag-inom ng alak at iba pang sakit na dulot ng paggamit ng substansya na walang kaugnayan sa opioid, edukasyon sa pasyente, mga serbisyo sa pagpapagaling, at mga serbisyo ng interbensyon sa krisis dahil sa sakit na dulot ng paggamit ng substansya.

***Pamamahala sa Biglang Pagtigil (Withdrawal Management)***

- Ang mga serbisyo ng pamamahala sa biglang pagtigil ay agaran at ibinibigay sa panandaliang panahon. Maaaring ibigay ang mga serbisyong ito bago pa maganap ang isang buong pagsusuri. Maaaring ibigay ang mga serbisyo ng pamamahala sa biglang pagtigil sa isang outpatient, residensyal, o inpatient na kalagayan.

- Anuman ang uri ng kalagayan, ang miyembro ay kinakailangang subaybayan sa buong proseso ng pamamahala sa biglang pagtigil. Kinakailangang manirahan sa nasabing lokasyon ang mga miyembrong tumatanggap ng pamamahala sa biglang pagtigil sa isang residensyal o inpatient na kalagayan. Inirereseta ng isang doktor o lisensyadong tagapagreseta ang mga medikal na kinakailangang serbisyo na habilitative at rehabilitative.

- Kabilang sa mga Serbisyo ng Pamamahala sa Biglang Pagtigil (Withdrawal Management Services) ang pagsusuri, koordinasyon ng pangangalaga, mga serbisyo sa medikasyon, mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksyon dahil sa sakit na dulot ng paggamit ng opioid, mga Medikasyon para sa Paggamot sa

Adiksyon dahil sa sakit na dulot ng pag-inom ng Alak at iba pang sakit na dulot ng paggamit ng substansya na walang kaugnayan sa opioid, obserbasyon, at mga serbisyo sa paggaling.

***Mga Medikasyon Para sa Paggamot sa Adiksyon (Medications for Addiction Treatment)***

- Available ang mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksyon sa mga klinikal at hindi klinikal na kalagayan. Kabilang sa mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksyon ang lahat ng gamot na aprubado ng FDA at mga biological na produkto para gamutin ang sakit na dulot ng pag-inom ng alak, sakit na dulot ng paggamit ng opioid, at sakit na dulot ng paggamit ng anumang substansya. May karapatan ang mga miyembro na maalukan ng mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksyon sa site o sa pamamagitan ng referral sa labas ng pasilidad. Kasama sa mga aprubadong gamot ang sumusunod:
    - Acamprosate Calcium
    - Buprenorphine Hydrochloride
    - Buprenorphine Extended-Release Injectable (Sublocade)
    - Buprenorphine/Naloxone Hydrochloride
    - Naloxone Hydrochloride
    - Naltrexone (oral)
    - Naltrexone Microsphere Injectable Suspension (Vivitrol)
    - Lofexidine Hydrochloride (Lucemyra)
    - Disulfiram (Antabuse)
    - Methadone (delivered by Narcotic Treatment Programs)
- Maaaring ibigay ang mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksyon kasama ang mga sumusunod na serbisyo: pagsusuri, koordinasyon ng pangangalaga, indibdiwal na pagpapayo, pagpapayo sa grupo, family therapy, mga serbisyo sa medikasyon, pagtuturo sa pasyente, mga serbisyo sa paggaling, mga serbisyo ng interbensyon sa krisis dahil sa sakit na dulot ng paggamit ng substansya, at mga serbisyo ng pamamahala sa biglang pagtigil. Ang mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksyon ay maaari ring maging bahagi ng lahat ng serbisyo sa ilalim ng Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal, kabilang ang mga

Serbisyo ng Paggamot sa Outpatient, mga Serbisyo ng Masinsinang Paggamot sa Outpatient, at Residensyal na Paggamot.

- Maaari ring ma-access ng mga miyembro ang Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksyon sa labas ng county ng Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal. Halimbawa, ang mga Medikasyon para sa Paggamot sa Adiksyon tulad ng buprenorphine ay maaaring ireseta ng ilang tagareseta sa mga lugar ng pinamamahalaang pangangalaga na nagtatrabaho kasama ang iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga at maaaring makuha o maibigay sa isang parmasya.

***Muling Pagpasok na Sangkot ang Hustisya (Justice-Involved Reentry)***

- Nagbibigay ang serbisyong ito ng mga serbisyong pangkalusugan sa mga miyembrong sangkot sa hustisya hanggang 90 araw bago ang kanilang paglabas mula sa pagkakakulong. Ang mga uri ng serbisyong magagamit ay kinabibilangan ng pamamahala sa kaso ng muling pagpasok, mga serbisyo ng klinikal na konsultasyon sa kalusugan ng pag-uugali, mga suporta ng kasamahan, pagpapayo sa kalusugan ng pag-uugali, therapy, edukasyon sa pasyente, mga serbisyo ng gamot, pagpapaplano pagkatapos ng paglabas at paglaya, mga serbisyo ng laboratoryo at radiology, impormasyon tungkol sa gamot, mga serbisyo ng suporta, at tulong sa pagpaparehistro sa tamang provider, halimbawa isang Programa ng Paggamot sa Narkotiko upang magpatuloy sa Gamot na Sinusuportahan ang Paggamot pagkatapos ng paglabas. Upang matanggap ang mga serbisyong ito, ang mga indibidwal ay kailangang maging miyembro ng Medi-Cal o CHIP, at:
    - Kung wala pang edad 21 at nakakulong sa isang Pasilidad para sa Pagwawasto ng Kabataan (Youth Correctional Facility).
    - Kung isang nasa hustong gulang, dapat nasa kustodiya at natutugunan ang isa sa mga pangangailangan ng programa ng pangangalagang pangkalusugan.
- Makipag-ugnayan sa iyong county gamit ang numero ng telepono na nasa pabalat ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon tungkol sa serbisyong ito.

***Mga Serbisyo ng Suporta ng Kasamahan ng Medi-Cal (Medi-Cal Peer Support Services) (nag-iiba ayon sa county)***

- Ang mga Serbisyo ng Suporta ng Kasamahan ay nagtataguyod ng pagbangon, katatagan, pakikilahok, pakikisama, kakayahang paglaanan ang sarili, pagtataguyod ng sarili, pagbuo ng likas na suporta, at pagtukoy ng mga lakas sa pamamagitan ng

binalangkas na mga aktibidad. Ang mga serbisyong ito ay maaaring ibigay sa iyo o sa iyong itinalagang mahalagang (mga) tao sa suporta at maaaring matanggap kasabay ng iba pang mga serbisyo ng Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Gamot ng Medi-Cal. Ang Espesyalista sa Suporta ng Kasahan (Peer Support Specialist) sa mga Serbisyo ng Suporta ng Kasamahan ng Medi-Cal ay isang indibidwal na may personal na karanasan sa kalusugan ng pag-uugali o kondisyong dulot ng paggamit ng substansya at nasa pagbangon, nakatapos ng mga kinakailangan ng isang programa ng sertipikasyon na inaprubahan ng estado ng mga county, sinertipikahan ng county, at nagbibigay ng mga serbisyong ito sa ilalim ng pamamahala ng isang Propesyonal sa Kalusugan ng Pag-uugali na lisensyado, may waiver, o rehistrado sa Estado.

- Ang mga Serbisyo ng Suporta ng Kasamahan ng Medi-Cal ay kinabibilangan ng pagtuturo sa indibidwal at grupo, mga grupo para sa pagbuo ng kasanayan sa edukasyon, pag-navigate sa mapagkukunan, mga serbisyo ng pakikilahok upang hikayatin kang lumahok sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali, at mga terapeutikong aktibidad tulad ng pagpapalakas ng pagtataguyod ng sarili.
- Maaaring maging kwalipikado sa serbisyong ito ang mga miyembro na wala pang edad 21 sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot anuman ang county kung saan sila naninirahan.
- Opsyonal ang pagbibigay ng Mga Serbisyo ng Suporta ng Kasamahan ng Medi-Cal para sa mga kalahok na county. Tingnan ang seksyong “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” (Additional Information About Your County) na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung ang iyong county ay nagbibigay ng serbisyong ito.

***Mga Serbisyo sa Paggaling (Recovery Services)***

- Mahalagang bahagi ang mga Serbisyo sa Paggaling para sa iyong paggaling at kabutihan. Matutulungan ka ng mga serbisyo sa paggaling na makipag-ugnayan sa komunidad ng paggamot para pamahalaan ang iyong kalusugan at pangangalagang pangkalusugan. Samakatuwid, binibigyang-diin ng serbisyong ito ang tungkulin mo sa pamamahala ng iyong kalusugan, gamit ang mabibisang diskarte sa pagsuporta ng pamamahala sa sarili, at pagsasaayos ng panloob at pangkomunidad na pinagkukunan para makapagbigay ng tuloy-tuloy na suporta sa pamamahala sa sarili.
- Makakatanggap ka ng Mga Serbisyo sa Paggaling batay sa iyong pagsusuri sa sarili o pagsusuri ng iyong provider sa panganib ng pag-relapse. Puwede mong makuha ang mga serbisyong ito nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa telepono.

- Kabilang sa mga Serbisyo sa Paggaling ang pagsusuri, koordinasyon ng pangangalaga, indibidwal na pagpapayo, pagpapayo sa grupo, family therapy, pagsubaybay sa paggaling, at mga salik ng pag-iwas sa pag-relapse.

***Koordinasyon ng Pangangalaga (Care Coordination)***

- Naglalaman ang mga Serbisyo ng Koordinasyon ng Pangangalaga ng mga aktibidad para maikoordina ang pangangalaga sa sakit na dulot ng paggamit ng substansya, pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip, at medikal na pangangalanga, at para magbigay ng koneksyon sa mga serbisyo at suporta para sa iyong kalusugan. Ibinibigay ang Koordinasyon ng Pangangalaga kasama ng lahat ng serbisyo at maaring maganap sa mga klinikal o hindi klinikal na kalagayan, kabilang ang sa inyong komunidad.

- Kabilang sa mga Serbisyo ng Koordinasyon ng Pangangalaga ang koordinasyon sa iyong mga provider ng kalusugang medikal at kalusugan ng pag-iisip para subaybayan at suportahan ang mga kalagayan ng kalusugan, pagpaplano ng paglabas, at koordinasyon para sa pantulong na serbisyo kasama ang pagkonekta sa iyo sa mga serbisyong nakabatay sa komunidad tulad ng pangangalaga sa bata, transportasyon, at pabahay.

***Pamamahala sa Pagbibigay ng Insentibo (Contingency Management) (magkakaiba bawat county)***

- Maaaring maging kwalipikado sa serbisyong ito ang mga miyembro na wala pang edad 21 sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot anuman ang county kung saan sila nakatira.

- Opsyonal ang pagbibigay ng mga Serbisyo ng Pamamahala sa Pagbibigay ng Insentibo (Providing Contingency Management Services) para sa mga kalahok na county. Tingnan ang seksyong “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” (Additional Information About Your County) na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung ang iyong county ay nagbibigay ng serbisyong ito.

- Ang mga Serbisyo ng Pamamahala sa Pagbibigay ng Insentibo ay isang paggamot na nakabatay sa ebidensya para sa sakit na dulot ng paggamit ng stimulant kung saan, makikilahok ang mga kwalipikadong miyembro sa nakabalangkas na 24 na linggong serbisyo ng Pamamahala sa Pagbibigay ng Insentibo sa outpatient, na susundan ng anim o higit pang buwan ng karagdagang suporta para sa paggamot at paggaling na walang insentibo.

Behavioral Health

- Kabilang sa unang 12 linggo ng mga serbisyo ng Pamamahala sa Pagbibigay ng Insentibo ang isang serye ng mga insentibo para sa pag-abot ng mga layunin sa paggamot, partikular na ang hindi paggamit ng mga stimulant (hal., cocaine, amphetamine, at methamphetamine). Kinakailangan ang pagsang-ayon ng mga kalahok na sumailalim sa pagsusuri ng ihi kung may bakas ng droga, ayon sa dalas na itinakda ng programa ng mga serbisyo ng Pamamahala sa Pagbibigay ng Insentibo. Kasama sa mga insentibo ang mga cash equivalent (hal., gift card).

- Available lang ang mga Serbisyo ng Pamamahala sa Pagbibigay ng Insentibo sa mga miyembrong tumatanggap ng mga serbisyo sa hindi residensyal na kalagayan na pinapatakbo ng kalahok na provider at na naka-enroll at nakikilahok sa isang komprehensibo at pang-indibidwal na serye ng gamutan.

***Mga Mobile na Serbisyo Para sa Krisis (Mobile Crisis Services)***

- Available ang mga Mobile na Serbisyo Para sa Krisis kung ikaw ay dumaranas ng krisis sa paggamit ng substansya.

- Ibinibigay ng mga provider ng kalusugan ang mga Mobile na Serbisyo Para sa Krisis sa lugar kung saan ka nakararanas ng krisis, kabilang ang iyong tahanan, trabaho, paaralan, o iba pang lokasyon sa komunidad, maliban sa ospital o iba pang pasilidad. Available ang mga Mobile na Serbisyo Para sa Krisis 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo, at 365 araw bawat taon.

- Ang mga Mobile na Serbisyo Para sa Krisis ay kinabibilangan ng mabilis na tugon, indibidwal na pagsusuri, at pagpapatatag na nakabatay sa komunidad. Kung kinakailangan mo ng karagdagang pangangalaga, ang mga provider ng mobile para sa krisis ay magbibigay din ng mga warm handoff o referral sa iba pang mga serbisyo.

**MGA SERBISYO NA PUWEDENG MAKUHA SA TELEPONO O TELEHEALTH**

Hindi laging kinakailangan ang personal na harapang pakikipag-ugnayan sa pagitan mo at ng iyong provider para makatanggap ka ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Depende sa iyong mga serbisyo, puwede kang makatanggap ng mga ito sa pamamagitan ng telepono o telehealth. Dapat ipaliwanag sa iyo ng iyong provider kung paano ginagamit ang telepono o telehealth at tiyakin na sumasang-ayon ka bago magsimula ang mga serbisyo gamit ang mga ito.

Kahit na pumayag ka na gumamit ng telehealth o telepono, puwede kang magbago ng isip at piliing makatanggap ng mga serbisyo nang personal o harapan.

Gayunpaman, may ilang uri ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na hindi maaaring ibigay lamang sa pamamagitan ng telehealth o telepono dahil nangangailangan ito ng iyong presensya sa isang partikular na lugar para sa serbisyo, tulad ng mga serbisyo ng residensyal na paggamot o mga serbisyo sa ospital.

Behavioral Health

## PROSESO NG PAGLUTAS SA PROBLEMA: PAGHAHAIN NG KARAINGAN, APELA, O PAGHINGI NG MAKATARUNGANG PAGDINIG NG ESTADO (STATE FAIR HEARING)

**Paano Kung Hindi Ko Makukuha ang mga Serbisyong Gusto Ko Mula sa Aking County?**

Kailangang may paraan ang iyong county sa paglutas ng anumang problema kaugnay ng mga serbisyong gusto mo o natatanggap mo. Ito ay tinatawag na proseso ng paglutas sa problema, na maaaring kabilang ang sumusunod:

- Proseso ng Karaingan: Isang pasalita o nakasulat na pagpapahayag ng hindi kasiyahan tungkol sa anumang bagay na may kinalaman sa iyong mga serbisyong may espesyalidad sa kalusugan ng pag-iisip, mga serbisyo sa sakit na dulot ng paggamit ng substansya, provider, o county. Tingnan ang seksyon ng Proseso ng Karaingan sa handbook na ito para sa higit pang impormasyon.

- Proseso ng Apela: Ginagawa ang apela kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county na baguhin ang iyong mga serbisyo (hal., pagtanggi, pagwawakas, o pagbabawas ng mga serbisyo) o hindi ito saklawin. Tingnan ang seksyon ng Proseso ng Apela sa handbook na ito para sa higit pang impormasyon.

- Proseso ng Makatarungang Pagdinig ng Estado: Ang Makatarungang Pagdinig ng Estado ay isang pagpupulong kasama ang isang hukom mula sa Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan ng California (California Department of Social Services, CDSS) kung ang county ay tumanggi sa iyong apela. Tingnan ang seksyong Makatarungang Pagdinig ng Estado sa handbook na ito para sa higit pang impormasyon.

Ang paghahain ng karaingan, apela, o paghingi ng Makatarungang Pagdinig ng Estado ay hindi makakaapekto laban sa iyo at hindi makakaapekto sa mga serbisyong natatanggap mo. Makakatulong ang paghahain ng karaingan o apela para makuha mo ang mga serbisyong kailangan mo at maresolba ang anumang problema na mayroon ka sa iyong mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Nakakatulong din ang mga karaingan at apela sa county sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon na magagamit nila para pagbutihin ang mga serbisyo. Magbibigay ang county ng abiso sa iyo, sa mga provider, at sa mga magulang/tagapag-alaga tungkol sa resulta sa sandaling makumpleto ang iyong karaingan o apela. Ang Tanggapan ng Makatarungang Pagdinig ng Estado (State Fair Hearing Office) ay magbibigay ng abiso sa iyo at sa provider tungkol sa resulta sa sandaling makumpleto ang Makatarungang Pagdinig ng Estado.

**Tandaan**: Matuto ng higit pa tungkol sa bawat proseso ng paglutas sa problema sa ibaba.

**Puwede Ba Akong Humingi ng Tulong sa Paghahain ng Apela, Karaingan, o Makatarungang Pagdinig ng Estado?**

Tutulong ang iyong county na ipaliwanag ang mga prosesong ito sa iyo at dapat tumulong sa iyo sa paghahain ng karaingan, apela, o sa paghingi ng Makatarungang Pagdinig ng Estado. Maaari ka ring tulungan county na magpasya kung kwalipikado ka sa tinatawag na proseso ng "pinabilis na apela" (expedited appeal), na nangangahulugang susuriin ito nang mas mabilis dahil nanganganib ang iyong kalusugan, kalusugan ng pag-iisip, at/o kalagayan. Maaari mo ring pahintulutan ang ibang tao na kumilos para sa iyo, kabilang ang isang provider o tagapagtaguyod.

Kung kailangan mo ng tulong, makipag-ugnayan sa iyong county gamit ang numerong nakalista sa pabalat ng handbook na ito. Dapat kang bigyan ng iyong county ng makatuwirang tulong sa pagpuno ng mga form at sa iba pang hakbang ng proseso kaugnay ng karaingan o apela. Kabilang dito ang, pero hindi limitado sa, pagbibigay ng mga serbisyo ng interpreter at libreng mga numero na may TTY/TDD at kakayahang mag-interpret.

**Kung Kailangan Mo ng Karagdagang Tulong**

Makipag-ugnayan sa Kagawaran ng mga Serbisyo ng Pangangalagang Pangkalusugan, Tanggapan ng Ombudsman (Department of Health Care Services, Office of the Ombudsman):

- Telepono: **1-888-452-8609**, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. (maliban sa mga holiday).

O

- E-mail: MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov. **Pakitandaan:** Hindi itinuturing na kumpidensyal ang mga mensahe sa e-mail (huwag magsama ng personal na impormasyon sa iyong e-mail).

Maaari kang makakuha ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na tanggapan ng legal na tulong o iba pang grupo. Para magtanong tungkol sa iyong mga karapatan sa Makatarungang Pagdinig ng Estado, makipag-ugnayan sa Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan para sa Pampublikong Pagtatanong) (California Department of Social Services Public Inquiry at Yunit ng Pagresponde (Response Unit) sa numerong ito: **1-800-952-5253** (para sa TTY, tumawag sa **1-800-952-8349**).

**Mga Karaingan**

**Ano ang Isang Karaingan?**

Ang karaingan ay isang reklamo tungkol sa iyong hindi kasiyahan sa anumang aspeto ng iyong mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali o sa county na hindi saklaw ng proseso ng apela o Makatarungang Pagdinig ng Estado.

**Ano ang Proseso ng Karaingan?**

Ang proseso ng karaingan ay:

- Nagsasangkot ng mga simpleng hakbang upang maihain ang iyong karaingan nang pasalita o nakasulat.
- Hindi magdudulot ng pagkawala ng iyong mga karapatan o serbisyo o magiging sanhi ng negatibong epekto laban sa iyong provider.
- Puwedeng pumayag ka na ang ibang tao, tulad ng isang provider o tagapagtaguyod, ay kumilos sa ngalan mo. Puwedeng ito ay isang provider o tagapagtaguyod. Kung pumayag kang magtalaga ng ibang tao na kumatawan sa iyo, maaari kang hilingan na pumirma sa isang form ng awtorisasyon na nagbibigay sa iyong county ng pahintulot na ibahagi ang impormasyon sa taong iyon.
- Tiyaking ang taong naaprubahan upang magdesisyon tungkol sa karaingan ay kwalipikado at hindi bahagi ng anumang nakaraang antas ng pagsusuri o pagdedesisyon.
- Tukuyin ang mga tungkulin ng county, provider, at sarili mo.
- Siguruhing maibibigay ang resulta ng karaingan sa loob ng itinakdang panahon.

***Kailan Ako Maaaring Maghain ng Karaingan?***

Puwede kang maghain ng karaingan anumang oras kung hindi ka nasisiyahan sa serbisyong natanggap mo o kung may iba kang alalahanin tungkol sa iyong county.

***Paano Ako Maghahain ng Karaingan?***

Puwede mong tawagan ang 24/7 libreng tawag na Access Line ng iyong county anumang oras upang humingi ng tulong kaugnay ng isang karaingan. Hindi na kailangang magpadala ng nakasulat na karaingan para sa karaingang inihain nang pasalita. Kung isusulat mo ang iyong karaingan, tandaan ang sumusunod: Nagbibigay ang iyong county ng mga sobre na

may sariling address sa lahat ng lugar ng provider. Kung wala kang sobre na may address nila, ipadala ang iyong nakasulat na karaingan sa address na ibinigay sa harap ng handbook na ito.

***Paano Ko Malalaman Kung Natanggap ng County ang Karaingan Ko?***

Kinakailangan ng iyong county na magbigay sa iyo ng isang nakasulat na liham upang ipaalam na natanggap na ang iyong karaingan sa loob ng limang araw ng kalendaryo mula sa pagtanggap nito. Ang karaingan na natanggap sa telepono o personal, at nalutas sa loob ng susunod na araw ng negosyo, ay hindi nangangailangan ng sulat bilang patunay.

***Kailan Pagpapasyahan ang Karaingan Ko?***

Dapat magpasya ang iyong county tungkol sa karaingan sa loob ng 30 araw ng kalendaryo mula sa araw na ito ay isinumite.

***Paano Ko Malalaman Kung May Desisyon na ang County tungkol sa Karaingan Ko?***

Kapag nagkaroon na ng desisyon tungkol sa iyong karaingan, ipapadala ng county sa iyo o sa iyong naaprubahang kinatawan ang sumusunod:

- Magpapadala ang county ng nakasulat na abiso ng desisyon sa iyo o sa iyong naaprubahang kinatawan;

- Magpapadala sa iyo o sa iyong naaprubahang kinatawan ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo na nagpapabatid sa iyong karapatan na humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado kung hindi ka naabisuhan ng county tungkol sa desisyon ng karaingan sa itinakdang oras;

- Ipapaalam sa iyo ang iyong karapatan na humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.

Maaaring hindi ka makatanggap ng nakasulat na abiso ng desisyon kung ang iyong karaingan ay inihain sa telepono o personal at pumayag kang maresolba ang iyong isyu sa katapusan ng susunod na araw ng negosyo mula sa petsa ng pagsusumite.

**Tandaan**: Kailangang magbigay sa iyo ang iyong county ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo sa araw na magtatapos ang takdang oras. Maaari mong tawagan ang iyong county para sa karagdagang impormasyon kung hindi mo matanggap ang Abiso ng Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo.

***May Deadline ba ang Paghahain ng Karaingan?***

Wala, maaari kang maghain ng karaingan anumang oras.

**Mga Apela**

Maaari kang maghain ng apela kapag hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county tungkol sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na kasalukuyan mong tinatanggap o nais mong matanggap. Maaari kang humiling ng pagsusuri sa desisyon ng county gamit ang:

- Karaniwang Proseso ng Pag-apela.

O

- Pinabilis na Proseso ng Pag-apela.

**Tandaan**: Magkatulad lang ang dalawang uri ng apela; gayunpaman, may mga partikular na kinakailangan para maging kwalipikado sa pinabilis na pag-apela (tingnan sa ibaba ang mga kinakailangan).

Tutulungan ka ng county sa pagkompleto ng mga form at paggawa ng iba pang hakbang sa proseso ng apela, kabilang ang paghahanda ng nakasulat na apela, pagpapabatid sa iyo ng lokasyon ng form sa kanilang website o pagbibigay sa iyo ng form sa iyong kahilingan. Tutulungan ka rin ng county sa paghiling ng pagpapatuloy ng mga benepisyo habang isinasagawa ang apela ng salungat na pagpapasya sa benepisyo alinsunod sa mga regulasyon ng pederal.

***Ano ang Ginagawa ng Karaniwang Proseso ng Pag-apela?***

Gagawin ng Karaniwang Proseso ng Pag-apela ang mga sumusunod:

- Pahihintulutan kang maghain ng apela nang pasalita o nakasulat.

- Siguraduhin na ang paghahain ng apela ay hindi magdudulot ng pagkawala ng iyong mga karapatan o serbisyo o magiging sanhi ng negatibong epekto laban sa iyong provider sa anumang paraan.

- Binibigyang-daan kang pahintulutan ang ibang tao (kabilang ang isang provider o tagapagtaguyod) na kumilos sa ngalan mo. Pakitandaan: Kung pahihintulutan mo ang ibang tao na kumilos sa ngalan mo, maaaring hilingan ka ng county na pumirma sa isang form na pinapahintulutan ang county na maglabas ng impormasyon sa taong iyon.

- Tiyakin na magpapatuloy ang iyong mga benepisyo kapag humiling ng apela sa loob ng itinakdang oras. Pakitandaan: Ito ay 10 araw mula sa petsa ng pagpapadala o personal na pagbibigay sa iyo ng iyong Abiso ng Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo.

- Tiyakin na hindi ka magbabayad para sa patuloy na serbisyo habang nakabinbin ang apela at kung ang pinal na desisyon ng apela ay pabor sa desisyon ng county tungkol sa salungat na pagpapasya sa benepisyo.

- Siguraduhin na ang mga gumagawa ng desisyon para sa iyong apela ay kwalipikado at hindi sangkot sa nakaraang antas ng pagsusuri o pagpapasya.

- Papayagan ka o ang iyong kinatawan na suriin ang iyong file ng kaso, kabilang ang mga medikal na rekord at iba pang kaugnay na dokumento.

- Papayagan kang magkaroon ng makatuwirang pagkakataon na magpresenta ng mga katibayan, testimonya, at argumento nang personal o nakasulat.

- Pahihintulutan ka, ang iyong inaprubahan, o ang legal na kinatawan ng ari-arian ng yumaong miyembro na maisama bilang mga partido ng apela.

- Magbibigay ang iyong county ng nakasulat na kumpirmasyon na isinasagawa na ang pagsusuri ng iyong apela.

- Ipapaalam sa iyo ang iyong karapatang humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado, pagkatapos ng proseso ng pag-apela.

***Kailan Ako Maaaring Maghain ng Apela?***

Maaari kang maghain ng apela sa iyong county kapag:

- Ang county o ang kinontratang provider ay nagpasya na hindi mo natutugunan ang mga pamantayan para sa pag-access sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.

- Iminungkahi ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ang isang serbisyo ng kalusugan ng pag-uugali para sa iyo at humiling ng pag-apruba mula sa iyong county, ngunit tinanggihan ng county ang kahilingan o binago ang uri o dalas ng serbisyo.

- Humiling ang iyong provider ng pag-apruba mula sa county, ngunit ang county ay humiling ng karagdagang impormasyon at hindi natapos ang proseso ng pag-apruba sa tamang oras.

- Hindi nagbibigay ang iyong county ng mga serbisyo batay sa mga itinakdang oras nito.

- Pakiramdam mo na hindi natutugunan ng county ang iyong mga pangangailangan sa tamang oras.

- Hindi natapos ang iyong karaingan, apela, o pinabilis na apela sa tamang oras.

- Ikaw at ang iyong provider ay hindi sumang-ayon tungkol sa mga kinakailangang serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.

***Paano Ako Maghahain ng Apela?***

- Maaari kang maghain ng apela gamit ang isa sa mga sumusunod na tatlong paraan:

    - Tumawag sa libreng numero ng telepono ng iyong county na nakalista sa pabalat ng handbook na ito. Pagkatapos tumawag, kailangan mo ring maghain ng kasunod na nakasulat na apela; o

    - Ipadala sa koreo ang iyong apela (Magbibigay ang county ng mga sobre na may address nila sa lahat ng mga site ng provider para maipadala mo sa koreo ang iyong apela). Tandaan: Kung wala kang sobre na may address nila, maaari mong direktang ipadala sa koreo ang iyong apela sa address na nasa harap ng handbook na ito; o

    - Isumite ang iyong apela sa pamamagitan ng e-mail o fax. Tingnan ang seksyong “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito upang malaman kung ang iyong county ay nagbibigay ng serbisyong ito.

***Paano Ko Malalaman Kung Napagpasyahan na ang Apela Ko?***

Makakatanggap ka o ang iyong inaprubahan ng nakasulat na abiso mula sa iyong county hinggil sa desisyon sa iyong apela. Kasama sa abiso ang sumusunod na impormasyon:

- Mga resulta ng proseso sa paglutas ng apela.

- Petsa ng pagpapasya sa apela.

- Kung hindi pabor sa iyo ang desisyon sa apela, magbibigay din ng impormasyon ang abiso tungkol sa karapatan mo sa isang Makatarungang Pagdinig ng Estado at ang pamamaraan para sa paghahain ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.

***May Deadline ba ang Paghahain ng Apela?***

Kailangan mong maghain ng apela sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng iyong Abiso ng Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo. Walang deadline sa paghahain ng apela kung hindi ka nakatanggap ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo, kaya puwede kang maghain ng ganitong uri ng apela anumang oras.

***Kailan Pagpapasyahan ang Apela Ko?***

Kailangang magdesisyon ang county sa iyong apela sa loob ng 30 araw kalendaryo mula sa pagtanggap ng iyong kahilingan.

***Paano Kung Hindi Ako Maaaring Maghintay ng 30 Araw Para sa Desisyon sa Apela Ko?***

Kung natutugunan ng iyong apela ang mga pamantayan para sa proseso ng pinabilis na apela, maaaring matapos ito nang mas mabilis.

***Ano ang Pinabilis na Pag-apela?***

Sumusunod ang pinabilis na pag-apela sa katulad na proseso ng karaniwang pag-apela ngunit mas mabilis itong natatapos. Narito ang karagdagang impormasyon tungkol sa pinabilis na pag-apela:

- Kailangan mong maipakita na maaaring mas lumala ang kondisyon ng iyong kalusugan ng pag-uugali dahil sa paghihintay para sa karaniwang apela.
- Magkaiba ang sinusunod na deadline ng proseso ng pinabilis na apela kaysa sa karaniwang apela.
- Mayroong 72 oras ang county para suriin ang mga pinabilis na apela.
- Maaari kang pasalitang humiling ng pinabilis na apela.
- Hindi mo kailangang isulat ang iyong kahilingan sa pinabilis na apela.

***Kailan Ako Maaaring Maghain ng Pinabilis na Apela?***

Kung manganganib ang iyong buhay, kalusugan, o kakayahang makamtan, mapanatili, o maibalik ang lubusang pamumuhay kung maghihintay ka ng 30 araw para sa desisyon sa karaniwang pag-apela, maaari kang humiling ng pinabilis na paglutas ng isang apela.

*Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Pinabilis na Pag-apela:*

- Kung natutugunan ng iyong apela ang mga pamantayan para sa pinabilis na pag-apela, aayusin ito ng county sa loob ng 72 oras mula sa pagtanggap nito.
- Kung natukoy ng county na hindi natutugunan ng iyong apela ang mga pamantayan para sa pinabilis na pag-apela, obligasyon nilang magbigay ng maagap na pasalitang abiso at susundan ito ng nakasulat na abiso sa loob ng dalawang araw ng kalendaryo, na nagpapaliwanag ng dahilan ng kanilang desisyon. Pagkatapos nito, susundin ng iyong apela ang mga timeframe ng karaniwang pag-apela na binalangkas sa itaas na bahagi ng seksyong ito.
- Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county na hindi natutugunan ng iyong apela ang pamantayan ng pinabilis na pag-apela, maaari kang maghain ng karaingan.
- Pagkatapos ng resolusyon ng iyong county para sa pinabilis na pag-apela, ipapaalam sa iyo at sa lahat ng apektadong partido ang desisyon, kapwa pasalita at nakasulat.

**Makatarungang Pagdinig ng Estado**

***Ano ang Makatarungang Pagdinig ng Estado?***

Ang Makatarungang Pagdinig ng Estado (State Fair Hearing) ay isang independiyenteng pagsusuri na isinasagawa ng isang hukom ng administratibong batas mula sa Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan ng California (California Department of Social Services, CDSS) upang matiyak na natatanggap mo ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na karapat-dapat ka sa ilalim ng programa ng Medi-Cal.

Mangyaring bisitahin ang website ng Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California (California Department of Social Services) sa [https://www.cdss.ca.gov/hearing-requests](https://www.cdss.ca.gov/hearing-requests) para sa mga higit pang mapagkukunan.

***Ano ang Mga Karapatan Ko sa Makatarungang Pagdinig ng Estado?***

May karapatan kang:

- Humiling ng pagdinig sa harap ng isang hukom ng administratibong batas, na kilala rin bilang Makatarungang Pagdinig ng Estado, upang talakayin ang iyong kaso.
- Alamin kung paano humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.
- Alamin ang mga patakaran tungkol sa representasyon sa panahon ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.

- Humiling na maipagpatuloy ang mga benepisyo habang nasa proseso ng Makatarungang Pagdinig ng Estado kung ang kahilingan ay naisumite sa loob ng itinakdang oras.
- Hindi pagbabayad para sa patuloy na serbisyo habang nakabinbin ang Makatarungang Pagdinig ng Estado, at kung ang pinal na desisyon ay pabor sa desisyon ng county tungkol sa salungat na pagpapasya sa benepisyo.

***Kailan Ako Puwedeng Maghain Para sa Makatarungang Pagdinig ng Estado?***

Puwede kang maghain para sa Makatarungang Pagdinig ng Estado kung:

- Naghain ka ng apela at nakatanggap ng paglutas sa apela na nagsasabing tinanggihan ng county ang iyong kahilingang umapela.
- Kung hindi nalutas sa loob ng itinakdang panahon ang iyong karaingan, apela, o pinabilis na apela.

***Paano Ako Hihiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado?***

Puwede kang humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng:

- Online: sa website ng Pamamahala sa Kaso ng Pag-apela ng Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan (Department of Social Services Appeals Case Management): https://acms.dss.ca.gov/acms/login.request.do
- Nang Nakasulat: Isumite ang iyong kahilingan sa kagawaran ng kapakanan ng county sa address na nasa Abiso ng Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo, o ipadala ito sa pamamagitan ng koreo sa:

  **California Department of Social Services**
  **State Hearings Division**
  **P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37**
  **Sacramento, CA 94244-2430**
- Sa Pamamagitan ng Fax: 916-651-5210 or 916-651-2789

Puwede ka ring humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado o Pinabilis na Makatarungang Pagdinig ng Estado:

- Sa Telepono:
  - *Dibisyon ng mga Pagdinig ng Estado (State Hearings Division)*, libreng tawag, sa **1-800-743-8525** or **1-855-795-0634**.

- *Pampublikong Pagtatanong at Pagtugon (Public Inquiry and Response)*, libreng tawag, sa **1-800-952-5253** or TDD at **1-800-952-8349**.

***Mayroong Bang Deadline Para Humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado?***

Mayroon kang 120 araw mula sa petsa ng nakasulat na desisyon ng apela ng county upang humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado. Kung hindi ka nakatanggap ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo, maaari kang maghain para sa Makatarungang Pagdinig ng Estado anumang oras.

***Puwede Ko Bang Ituloy ang Mga Serbisyo Habang Naghihintay Ako ng Desisyon ng Makatarungang Pagdinig ng Estado?***

Oo, kung kasalukuyan kang tumatanggap ng awtorisadong mga serbisyo at nais mong ipagpatuloy ang pagtanggap ng mga serbisyong iyon habang naghihintay ka ng desisyon ng Makatarungang Pagdinig ng Estado, kailangan mong humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw mula sa petsa ng pagpapadala o paghahatid ng desisyon ng apela. Bilang alternatibo, maaari mong hilingin ang pagdinig bago ang petsa na sinabi ng iyong county na ititigil o babawasan ang mga serbisyo.

**Tandaan:**

- Kapag humihiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado, kailangan mong ipakita na nais mong ipagpatuloy ang pagtanggap ng mga serbisyo sa panahon ng proseso ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.

- Kung hiniling mo na ipagpatuloy ang pagtanggap ng mga serbisyo at ang pinal na desisyon ng Makatarungang Pagdinig ng Estado ay nagpapatunay ng pagbabawas o pagtigil ng serbisyo, hindi ka mananagot sa pagbabayad ng gastos ng mga serbisyong ibinigay habang nakabinbin ang Makatarungang Pagdinig ng Estado.

***Kailan Gagawin ang Desisyon Tungkol sa Aking Makatarungang Pagdinig ng Estado?***

Matapos humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado, maaaring umabot ng 90 araw upang matanggap ang desisyon.

***Puwede Ko Bang Makuha ang Makatarungang Pagdinig ng Estado Nang Mas Mabilis?***

Kung sa tingin mo ay makakasama sa iyong kalusugan ang paghihintay ng ganoon katagal, maaari kang makatanggap ng tugon sa loob ng tatlong araw ng trabaho. Maaari kang humiling ng Pinabilis na Makatarungang Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng pagsulat ng liham o pagpapasulat ng liham mula sa iyong general practitioner o mental health professional. Ang liham ay kailangang maglaman ng mga sumusunod na impormasyon:

1. Ipinaliliwanag kung paano malubhang makakaapekto sa iyong buhay, kalusugan, at kakayahang makamtan, mapanatili, o maibalik ang lubusang pamumuhay ang paghihintay nang hanggang sa 90 araw bago pagpasyahan ang iyong kaso.

2. Humiling ka ng "pinabilis na pagdinig" at ibigay ang liham kasama ang iyong kahilingan para sa pagdinig.

Ang Dibisyon ng mga Pagdinig ng Estado ng Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan ay magsusuri ng iyong kahilingan para sa isang pinabilis na Makatarungang Pagdinig ng Estado at matutukoy kung ito ay nakakatugon sa mga pamantayan. Kung aprubado ang iyong kahilingan, itatakda ang isang pagdinig, at gagawin ang desisyon sa loob ng tatlong araw ng trabaho mula sa petsa na natanggap ng Dibisyon ng mga Pagdinig ng Estado ang iyong kahilingan.

**PAUNANG KAUTUSAN (ADVANCE DIRECTIVE)**

**Ano ang Paunang Kautusan?**

May karapatan ka sa paunang kautusan. Ang paunang kautusan ay isang nakasulat na dokumento tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan na kinikilala sa ilalim ng batas ng California. Minsan, naririnig mo na inilalarawan ang paunang kautusan bilang living will o durable power of attorney. Kabilang dito ang impormasyong tungkol sa kung paano mo gustong matanggap ang iyong pangangalagang pangkalusugan o kung anong mga pasya ang nais mong gawin, kung o kapag hindi ka na makapagsalita para sa iyong sarili. Maaaring kabilang dito ang mga bagay na tulad ng karapatang tumanggap o tumanggi ng medikal na paggamot, operasyon, o pumili ng iba pang pangangalagang pangkalusugan. Sa California, may dalawang bahagi ang isang paunang kautusan:

- Ang iyong pagtatalaga ng isang agent (isang tao) na magpapasya tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan; at
- Ang iyong indibidwal na mga tagubilin sa pangangalagang pangkalusugan.

Kailangang may programa ng paunang kautusan ang iyong county. Kailangang magbigay ang iyong county ng nakasulat na impormasyon tungkol sa mga patakaran ng paunang kautusan at ipaliwanag ang batas ng estado kapag hinihingi ang impormasyon. Kung nais mong humiling ng impormasyon, dapat mong tawagan ang numero ng telepono sa pabalat ng aklat na ito para sa karagdagang impormasyon.

Maaari kang kumuha ng form para sa paunang kautusan mula sa iyong county o online. Sa California, may karapatan kang magbigay ng mga tagubilin sa paunang kautusan sa lahat ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan. May karapatan ka ring palitan o kanselahin ang iyong paunang kautusan anumang oras.

Kung may tanong ka tungkol sa batas ng California tungkol sa mga kinakailangan sa paunang kautusan, maaari kang magpadala ng liham sa:

**California Department of Justice**
**Attn: Public Inquiry Unit**
**P. O. Box 944255**
**Sacramento, CA 94244-2550**

# MGA KARAPATAN AT RESPONSIBILIDAD

## Mga Responsibilidad ng County

### *Ano ang Responsibilidad ng Aking County?*

Responsable ang iyong county para sa mga sumusunod:

- Pagtukoy kung natutugunan mo ang pamantayan para makakuha ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali mula sa county o sa network ng provider nito.

- Pagbibigay ng screening o pagsusuri upang matukoy kung kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.

- Pagbibigay ng libreng matatawagang numero ng telepono na may sumasagot 24 na oras kada araw at pitong araw kada linggo na makakapagsabi sa iyo kung paano makakakuha ng mga serbisyo mula sa county. Nakalista sa pabalat ng handbook na ito ang numero ng telepono.

- Pagtitiyak na may sapat na mga provider sa kalusugan ng pag-uugali na malapit sa iyo upang makuha ang mga serbisyo ng iyong county kapag kinakailangan.

- Pagpapaalam at pagtuturo sa iyo tungkol sa mga available na serbisyo mula sa iyong county.

- Pagbibigay ng mga serbisyo sa iyong wika nang walang bayad, at kung kinakailangan, magbibigay ng interpreter para sa iyo nang libre.

- Pagbibigay sa iyo ng nakasulat na impormasyon tungkol sa available na iba pang wika o format para sa iyo, gaya ng Braille o malalaking letra. Tingnan ang seksyong “Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyong County” na matatagpuan sa dulo ng handbook na ito para sa higit pang impormasyon.

- Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa anumang makabuluhang pagbabago sa impormasyong nabanggit sa aklat na ito nang hindi bababa sa 30 araw bago magkabisa ang mga pagbabago. Ituturing na malaki ang pagbabago kung tataas o bababa ang dami o uri ng mga iniaalok na serbisyo, o kung tataas o bababa ang bilang ng mga network ng provider, o kung may anumang pagbabagong makakaapekto sa mga benepisyong natatanggap mula sa county.

- Pagtiyak na nakakonekta ang iyong pangangalaga sa kalusugan sa anumang iba pang plano o sistema na maaaring kailanganin upang maayos na mailipat ang iyong pangangalaga. Kasama rito ang pagtutok sa anumang referral para sa mga

Behavioral Health

espesyalista o iba pang mga provider at tiyakin na handa kang alagaan ng iyong bagong provider.

- Pagtitiyak na maaari kang patuloy na kumonsulta sa iyong kasalukuyang provider sa pangangalagang pangkalusugan kahit na hindi sila bahagi ng iyong network sa isang takdang panahon. Mahalaga ito kung ang pagpapalit ng provider ay makakasama sa iyong kalusugan o maaaring magdulot ng mas mataas na tsansa na kailangan mong pumunta sa ospital.

***Available Ba ang Transportasyon?***

Kung nahihirapan kang dumaan sa iyong mga appointment sa medikal o kalusugan ng pag-uugali, tumutulong ang program ng Medi-Cal sa pag-aayos ng transportasyon para sa iyo. Ibinibigay ang transportasyon para sa mga miyembro ng Medi-Cal na hindi kayang maglaan ng transportasyon sa kanilang sarili at may medikal na pangangailangan upang makakuha ng mga serbisyo mula sa Medi-Cal. Mayroong dalawang uri ng transportasyon para sa mga appointment:

- Hindi Medikal: transportasyon gamit ang pribado o pampublikong sasakyan para sa mga tao na walang ibang paraan upang makarating sa kanilang appointment.

- Hindi Pang-emergency na Medikal: transportasyon gamit ang ambulansya, wheelchair van, o litter van para sa mga hindi maaaring gumamit ng pampubliko o pribadong transportasyon.

Available ang transportasyon para sa mga biyahe papunta sa parmasya o upang kumuha ng mga kinakailangang medikal na suplay, mga prosthetic, orthotic, at iba pang kagamitan.

Kung ikaw ay may Medi-Cal ngunit hindi nakarehistro sa isang pinamamahalaang plano ng pangangalaga, at kailangan mo ng hindi medikal na transportasyon papunta sa isang serbisyong may kaugnayan sa kalusugan, maaari mong direktang kontakin ang provider ng hindi medikal na transportasyon o ang iyong provider para sa tulong. Kapag nakipag-ugnayan ka sa kumpanya ng transportasyon, magtatanong sila ng impormasyon tungkol sa petsa at oras ng iyong appointment.

Kung kailangan mo ng hindi pangmedikal na transportasyon, maaaring magbigay ang iyong provider ng hindi pang-emergency na medikal na transportasyon at tulungan kang makipag-ugnayan sa isang provider ng transportasyon para isaayos ang iyong pagsakay papunta at pabalik mula sa iyong (mga) appointment.

Para sa karagdagang impormasyon at tulong ukol sa transportasyon, kontakin ang iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga.

**Mga Karapatan ng Miyembro**

***Ano ang Aking Mga Karapatan Bilang Isang Tumatanggap ng mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali ng Medi-Cal?***

Bilang isang miyembro ng Medi-Cal, may karapatan kang tumanggap ng mga medikal na kinakailangang serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali mula sa iyong county. Kapag nag-a-access ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, may karapatan kang:

- Tratuhin nang may personal na paggalang at respeto sa iyong dignidad at privacy.
- Makakuha ng malinaw at madaling maunawaan na paliwanag ng mga available na opsyon sa paggamot.
- Makilahok sa mga desisyon na may kinalaman sa iyong pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali. Kasama sa mga karapatan mong ito ang karapatan na tumanggi sa anumang paggamot na hindi mo nais tanggapin.
- Kunin ang handbook na ito upang malaman ang tungkol sa mga serbisyo ng county, mga obligasyon ng county, at iyong mga karapatan.
- Hilingin ang isang kopya ng iyong mga medikal na rekord at humiling ng mga pagbabago, kung kinakailangan.
- Mailayo sa anumang uri ng pagbabawal o pagbubukod na ipinapatupad bilang paraan ng pamimilit, pagdisiplina, pagpapadali, o paghihiganti.
- Tumanggap ng access sa pangangalaga 24/7 sa tamang oras para sa mga emergency, agarang kondisyon, o krisis kapag medikal na kinakailangan.
- Sa iyong kahilingan, tumanggap ng mga materyal sa alternatibong format tulad ng Braille, malaking-laking print, at audio format sa tamang oras.
- Tumanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali mula sa county na sumusunod sa kontrata ng estado para sa pagkakaroon, kapasidad, koordinasyon, saklaw, at awtorisasyon ng pangangalaga. Kinakailangan ng county na:
    - Gumamit o magkaroon ng mga nakasulat na kontrata na may sapat na dami ng mga provider para tiyaking napapanahong matatanggap ng lahat ng kwalipikadong miyembro ng Medi-Cal ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.

- Saklawin ang mga medikal na kinakailangang serbisyo na wala sa network para sa iyo sa tamang oras, kung walang empleyado o nakakontratang provider ang county na makakapagbigay ng mga naturang serbisyo.

  **Tandaan**: Dapat tiyakin ng county na wala kang ekstrang babayaran sa pagtanggap ng serbisyo mula sa provider na wala sa network. Tingnan sa ibaba ang karagdagang impormasyon:

  - *Ang medikal na kinakailangang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali* para sa mga indibidwal na 21 taong gulang o mas matanda pa ay mga serbisyo na makatarungan at kinakailangan upang protektahan ang buhay, upang maiwasan ang malubhang karamdaman o kapansanan, o upang maibsan ang matinding kirot. Ang medikal na kinakailangang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali para sa mga indibidwal na wala pang 21 taong gulang ay mga serbisyo na nagpapalakas, sumusuporta, nagpapabuti, o nagpapapagaan ng kondisyon ng kalusugan ng pag-uugali.

  - Ang *provider na wala sa network* ay isang provider na wala sa listahan ng mga provider ng county.

- Sa iyong kahilingan, magbigay ng pangalawang opinyon mula sa isang kwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan mula sa loob o labas ng network nang walang karagdagang gastos.

- Tiyaking sinanay ang mga provider sa pagbibigay ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na sinang-ayunang saklawin ng mga provider.

- Tiyakin na ang mga saklaw na serbisyo ng county sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali ay sapat sa bilang, haba ng oras, at saklaw upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga kwalipikadong miyembro ng Medi-Cal. Kabilang dito ang pagtiyak na ang paraan ng county para sa pag-apruba ng pagbabayad para sa mga serbisyo ay batay sa medikal na pangangailangan at na patas ang paggamit ng pamantayan sa medikal na pangangailangan.

- Tiyakin na ang mga provider nito ay nagsasagawa ng masusing pagsusuri at nakikipagtulungan sa iyo upang magtakda ng mga layunin sa paggamot.

- Ikoordina ang mga serbisyong ibinibigay nito sa mga serbisyong ibinibigay sa iyo sa pamamagitan ng isang pinamamahalaang plano ng pangangalaga o sa iyong provider ng pangunahing pangangalaga, kung kinakailangan.

   - Makilahok sa mga pagsusumikap ng estado na magbigay ng mga serbisyong epektibo sa anumang kultura para sa lahat, kabilang ang mga hindi gaanong nakakapagsalita ng Ingles at may iba't ibang pinagmulang kultura at etniko.

- Ipadama ang iyong mga karapatan nang walang nakakabahalang pagbabago sa iyong paggamot.

- Tumanggap ng paggamot at mga serbisyo alinsunod sa iyong mga karapatan na inilarawan sa manwal na ito at sa lahat ng naaangkop na batas ng pederal at estado, tulad ng:

   - Title VI ng Civil Rights Act ng 1964 na ipinatutupad ng mga regulasyon sa 45 CFR bahagi 80.

   - Age Discrimination Act ng 1975 na ipinatutupad ng mga regulasyon sa 45 CFR bahagi 91.

   - Rehabilitation Act ng 1973.

   - Title IX ng Education Amendments ng 1972 (tungkol sa mga programang pang-edukasyon at aktibidad).

   - Titles II at III ng Americans with Disabilities Act.

   - Seksyon 1557 ng Patient Protection and Affordable Care Act.

- Maaaring mayroon ka pang karagdagang karapatan sa ilalim ng mga batas ng estado kaugnay ng paggamot sa kalusugan ng pag-uugali. Para makipag-ugnayan sa Tagapagtaguyod ng Karapatan ng mga Pasyente (Patients' Rights Advocate) ng iyong county, mangyaring kontakin ang iyong county gamit ang telepono na nakalista sa pabalat ng handbook.

**Salungat na mga Pagpapasya sa Benepisyo (Adverse Benefit Determinations)**

***Ano ang Mga Karapatang Mayroon Ako kung Tinanggihan ng County ang Mga Serbisyong Gusto Ko o sa Tingin Ko ay Kailangan Ko?***

Kung tinanggihan, nilimitahan, pinaliit, ipinagpaliban, o tinapos ng iyong county ang isang serbisyo na sa tingin mo ay kailangan mo, may karapatan kang tumanggap ng nakasulat na abiso mula sa county. Ang abisong ito ay tinatawag na "Abiso ng Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo”. May karapatan ka ring tumutol sa pasya sa pamamagitan ng paghahain ng apela. Ang mga seksyon sa ibaba ay magbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa Abiso

ng Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo at kung ano ang dapat gawin kung hindi ka sang-ayon sa desisyon ng county.

***Ano ang Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo?***

Ang Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo ay nangangahulungan ng alinman sa mga sumusunod na mga aksyon na

isinagawa ng county:

- Pagtanggi o limitadong awtorisasyon ng isang hiniling na serbisyo. Kabilang dito ang mga pagpapasyang nakabatay sa uri o antas ng serbisyo, medikal na pangangailangan, kaangkupan, kalagayan, o bisa ng isang saklaw na benepisyo;
- Pagbabawas, suspensyon, o pagwawakas ng dating pinahintulutang serbisyo;
- Pagtanggi, sa kabuuan o bahagi, ng pagbabayad para sa isang serbisyo;
- Pagpalyang magbigay ng mga serbisyo sa napapanahong paraan;
- Kabiguang kumilos sa loob ng mga kinakailangang timeframe para sa karaniwang resolusyon ng mga karaingan at apela. Ang mga kinakailangang oras ay ang mga sumusunod:
    - Kung maghahain ka ng karaingan sa county at hindi ka mabigyan ng nakasulat na desisyon ukol sa iyong karaingan sa loob ng 30 araw.
    - Kung maghahain ka ng apela sa county at hindi ka mabigyan ng nakasulat na desisyon ukol sa iyong apela sa loob ng 30 araw.
    - Kung maghahain ka ng pinabilis na apela at hindi nakatanggap ng tugon sa loob ng 72 oras.
- Pagtanggi sa kahilingan ng miyembro na kontrahin ang pananagutan sa pananalapi.

***Ano ang Abiso ng Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo (Notice of Adverse Benefit Determination)?***

Ang Abiso ng Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo ay isang nakasulat na liham na ipapadala sa iyo ng iyong county kung magpapasya itong tanggihan, limitahan, bawasan, iantala, o tapusin ang mga serbisyong sa tingin mo o ng iyong provider ay kinakailangan mong makuha. Kabilang dito ang pagtanggi sa:

- Pagbabayad para sa isang serbisyo.
- Mga claim para sa mga serbisyong hindi saklaw.
- Mga claim para sa mga serbisyong hindi medikal na kinakailangan.
- Mga claim para sa mga serbisyong mula sa maling sistema ng paghahatid.
- Kahilingan na makipagtalo sa pananagutan sa pananalapi.

**Tandaan:** Ginagamit din ang Abiso ng Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo para ipaalam sa iyo na hindi naresolba sa loob ng itinakdang panahon ang iyong karaingan, apela, o pinabilis na apela, o kung hindi mo nakuha ang mga serbisyo sa loob ng mga pamantayang timeline ng county para sa pagbibigay ng mga serbisyo.

***Panahon ng Pagpapadala ng Abiso***

Dapat ipadala ng county ang abiso:

- Sa miyembro sa pamamagitan ng koreo nang hindi bababa sa 10 araw bago ang petsa ng aksyon para sa pagwawakas, suspensyon, o pagbabawas ng dating awtorisadong serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.
- Sa miyembro sa loob ng dalawang araw ng negosyo mula sa desisyon para sa pagtanggi ng pagbabayad o mga desisyon na nagreresulta sa pagtanggi, pagkaantala, o pagbabago ng buong bahagi ng hiniling na mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.

***Palagi ba Akong Makakatanggap ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo Kapag Hindi Ko Nakuha ang Mga Serbisyong Gusto Ko?***

Oo, dapat kang makatanggap ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo. Kung hindi ka makatanggap ng abiso, maaari kang maghain ng apela sa county o kung nakumpleto mo na ang proseso ng apela, maaari kang humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado. Kapag nakipag-ugnayan ka sa iyong county, ipahiwatig na nakaranas ka ng salungat na pagpapasya sa benepisyo pero hindi ka nakatanggap ng abiso. Kasama sa handbook na ito at dapat ding magagamit sa opisina ng iyong provider ang impormasyon kung paano maghain ng apela o humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.

Behavioral Health

***Ano ang Ipapaalam sa Akin ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo?***

Sasabihin sa iyo ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo:

- Kung ano ang ginawa ng iyong county na nakakaapekto sa iyo at sa iyong kakayahang makuha ang mga serbisyo.
- Petsa ng pasimula ng desisyon at ang dahilan ng desisyon.
- Mga tuntunin ng estado o pederal kung saan nakabatay ang desisyon.
- Mga karapatan mong maghain ng apela kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county.
- Kung paano makakakuha ng mga kopya ng mga dokumento, rekord, at iba pang impormasyon na kaugnay ng desisyon ng county.
- Kung paano maghain ng apela sa county.
- Kung paano humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado kung hindi ka nasisiyahan sa desisyon ng county.
- Kung paano humiling ng pinabilis na apela o pinabilis na Makatarungang Pagdinig ng Estado.
- Kung paano humingi ng tulong sa paghahain ng apela o paghiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.
- Kung ilang araw na lang ang natitira na maaari kang maghain ng apela o humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado.
- Ang iyong mga karapatan para patuloy na tumanggap ng mga serbisyo habang hinihintay mo ang desisyon sa apela o Makatarungang Pagdinig ng Estado, kung paano humiling para sa pagpapatuloy ng mga serbisyong ito, at kung saklaw ba ng Medi-Cal ang mga gastos sa serbisyong ito.
- Mga timeframe sa paghahain ng iyong apela o kahilingan para sa Makatarungang Pagdinig ng Estado kung gusto mong magpatuloy ang mga serbisyong ito.

***Ano ang Dapat Kong Gawin Kapag Nakatanggap Ako ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo?***

Kapag nakatanggap ka ng Abiso ng Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo, kailangan mong basahing mabuti ang lahat ng impormasyon sa abiso. Kung hindi mo nauunawaan ang abiso, makakatulong sa iyo ang iyong county. Maaari ka ring humingi ng tulong sa ibang tao.

Maaari kang humiling ng pagpapatuloy ng serbisyo na itinigil na kapag nagsumite ka ng apela o kahilingan para sa Makatarungang Pagdinig ng Estado. Kailangan hilingin ang pagpapatuloy ng mga serbisyo nang hindi bababa sa 10 araw ng kalendaryo pagkatapos ng petsa ng pagseselyo ng koreo (postmark) o naipadala sa iyo ang Abiso ng Salungat na Pagpapasya sa Benepisyo, o bago ang petsa na magiging epektibo ang pagbabago.

**Mga Responsibilidad ng Miyembro**

***Ano ang aking mga responsibilidad bilang miyembro ng Medi-Cal?***

Mahalaga na maunawaan mo kung paano gumagana ang mga serbisyo ng county upang makuha mo ang pangangalaga na kailangan mo. Mahalaga rin na:

- Daluhan ang iyong paggamot ayon sa iskedyul. Makakamit mo ang pinakamainam na resulta kung makikipagtulungan ka sa iyong provider para bumuo ng mga layunin para sa iyong paggamot at sundin ang mga layuning ito. Kung hindi ka makakapunta sa isang appointment, patiunang tawagan ang iyong provider nang hindi bababa sa 24 na oras, at magpa-iskedyul ulit sa ibang araw at oras.

- Palaging dalhin ang iyong Card ng Pagkakakilanlan sa Mga Benepisyo ng Medi-Cal (Medi-Cal Benefits Identification Card, BIC) at ID na may larawan kapag dumadalo sa paggamot.

- Ipaalam sa iyong provider kung kailangan mo ng interpreter bago ang iyong appointment.

- Ipaalam sa iyong provider ang lahat ng iyong medikal na alalahanin. Magiging mas matagumpay ang iyong paggamot kung mas maraming impormasyon tungkol sa iyong mga pangangailangan ang ibabahagi mo.

- Tiyaking itanong sa iyong provider ang anumang tanong na mayroon ka. Napakahalagang lubos mong nauunawaan ang impormasyon na iyong natatanggap sa panahon ng gamutan.

- Sundin ang mga nakaplanong hakbang ng aksyon na napagkasunduan mo at ng iyong provider.

Behavioral Health

- Makipag-ugnayan sa county kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa iyong mga serbisyo o kung may mga problema ka sa iyong provider na hindi mo malutas.

- Ipaalam sa iyong provider at sa county kung may anumang pagbabago sa iyong personal na impormasyon. Kabilang dito ang iyong address, numero ng telepono, at anumang iba pang medikal na impormasyon na maaaring makaapekto sa iyong kakayahang makilahok sa paggamot.

- Tratuhin nang may paggalang at kagandahang-loob ang mga kawani na gumagamot sa iyo.

- Iulat ang anumang hinala sa panloloko o maling gawain:

    - Hinihilingan ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ang sinumang may hinala ng panloloko, pag-aaksaya, o pang-aabuso sa Medi-Cal na tumawag sa Hotline para sa Panloloko ng DHCS Medi-Cal (DHCS Medi-Cal Fraud Hotline) sa **1-800-822-6222**. Kung sa tingin mo ay isa itong emergency, tumawag sa **911** para sa agarang tulong. Libre ang tawag na ito, at maaaring manatiling hindi kilala ang tumatawag.

    - Maaari mo ring iulat ang pinaghihinalaang panloloko o pang-aabuso sa pamamagitan ng e-mail sa fraud@dhcs.ca.gov o gamitin ang online form sa http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/StopMedi-CalFraud.aspx.

***Kailangan Ko Bang Magbayad para sa Medi-Cal?***

Karamihan sa mga tao sa Medi-Cal ay hindi kailangang magbayad para sa mga medikal o mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Sa ilang mga kaso, maaaring kailanganin mong magbayad para sa mga medikal at/o mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali batay sa halaga ng perang kinikita mo o natatanggap bawat buwan.

- Kung ang iyong kita ay mas mababa kaysa sa mga limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng iyong pamilya, hindi mo kailangang magbayad para sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali.

- Kung ang iyong kita ay higit sa mga limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng iyong pamilya, kailangan mong magbayad ng kaunting halaga para sa iyong mga medikal o mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Ang halagang babayaran mo ay tinatawag na iyong 'bahagi sa gastos' (share of cost). Kapag binayaran mo na ang iyong 'bahagi sa gastos,' babayaran ng Medi-Cal ang natitirang saklaw na medikal na bayarin para sa buwang iyon. Hindi mo kailangang magbayad para sa mga buwang wala kang medikal na gastusin.

- Maaaring kailanganin mong magbayad ng 'co-payment' para sa anumang paggamot sa ilalim ng Medi-Cal. Ibig sabihin nito, magbabayad ka ng isang halaga mula sa iyong sariling bulsa tuwing kumukuha ka ng medikal na serbisyo o pumunta sa emergency room ng ospital para sa iyong regular na serbisyo.

- Sasabihin sa iyo ng provider mo kung kailangan mong magbayad ng co-payment.

**PAUNAWA NG MGA KASANAYAN SA PRIVACY**



# Iyong Impormasyon. Iyong mga Karapatan.

# Mga Responsibilidad Namin.

Inilalarawan ng paunawang ito kung paano maaaring gamitin at isiwalat ang iyong impormasyon sa kalusugan at kung paano mo makukuha ang access sa impormasyong ito.

**Mangyaring suriin ito ng mabuti.**

**May mga partikular kang karapatan pagdating sa iyong impormasyon sa kalusugan.** Ipinapaliwanag ng seksyong ito ang iyong mga karapatan at ilan sa aming mga responsibilidad sa iyo.

| | |
|---|---|
| **Kumuha ng elektroniko o papel na kopya ng iyong medikal na rekord** | · Maaari mong hilinging makita o makuha ang elektroniko o papel na kopya ng iyong medikal na rekord at iba pang impormasyon sa kalusugan na mayroon kami tungkol sa iyo.<br>· Magbibigay kami ng kopya o buod ng iyong impormasyon sa kalusugan, karaniwang sa loob ng 30 araw ng iyong kahilingan. Maaari kaming maningil ng makatuwiran at nakabatay sa gastos na bayad. |
| **Hilingin sa aming itama ang iyong medikal na rekord** | · Maaari mong hilingin sa aming itama ang iyong impormasyon sa kalusugan na sa tingin mo ay mali o kulang.<br>· Maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan, pero ipapaliwanag namin sa iyo kung bakit sa pamamagitan ng sulat sa loob ng 60 araw |

| | |
|---|---|
| **Humiling ng mga kumpidensyal na pakikipag-ugnayan** | • Maaari mong hilingin sa aming makipag-ugnayan sa iyo sa isang partikular na paraan (halimbawa, sa telepono ng bahay o opisina) o magpadala ng sulat sa iyo sa ibang address.<br>• Sasabihin namin ang "oo" sa lahat ng makatuwirang mga kahilingan. |
| **Hilingin sa amin na limitahan ang ginagamit o ibinabahagi namin** | • Maaari kang humiling sa amin na huwag gamitin o ibahagi ang partikular na impormasyon sa kalusugan para sa paggamot, pagbabayad, o aming mga gawain.<br>• Hindi namin kailangang sumang-ayon sa iyong kahilingan, at maaari kaming humindi kung makaapekto ito sa iyong pangangalaga.<br>• Kung babayaran mo nang buo ang isang serbisyo o item ng pangangalagang pangkalusugan gamit ang sarili mong pera, maaari mong hilingin sa amin na huwag ibahagi ang impormasyong iyon para sa layunin ng pagbabayad o ng aming mga gawain sa iyong insurer ng kalusugan.<br>• Sasabihin namin ang "oo" maliban kung ang isang batas ay nangangailangan sa amin na ibahagi ang impormasyong iyon. |
| **Kumuha ng listahan kung kanino namin ibinahagi ang impormasyon** | • Maaari kang humingi ng listahan (accounting) ng mga pagkakataong ibinahagi namin ang iyong impormasyon sa kalusugan sa loob ng anim na taon bago ang petsa ng iyong paghingi, kung kanino namin ito ibinahagi, at kung bakit.<br>• Isasama namin ang lahat ng pagsisiwalat maliban sa mga tungkol sa iyong paggamot, pagbabayad, at mga gawain sa pangangalagang pangkalusugan, at iba pang partikular na pagsisiwalat (tulad ng mga hiniling mong gawin namin). Magbibigay kami ng isang accounting sa isang taon nang libre ngunit maaaring singilin ang isang makatwiran, bayad na batay sa gastos kung hihiling ka ng isa pa sa loob ng 12 buwan. |

Behavioral Health

| | |
|---|---|
| **Kumuha ng kopya ng paunawa sa privacy na ito** | • Maaari kang humingi ng papel na kopya ng paunawang ito anumang oras, kahit na sumang-ayon kang tanggapin ang paunawa sa elektronikong paraan. Bibigyan ka namin kaagad ng papel na kopya. |
| **Pumili ng isang taong kikilos para sa iyo** | • Kung binigyan mo ang isang tao ng medikal na power of attorney o kung legal mong tagabantay ang isang tao, maaaring gamitin ng naturang tao ang iyong mga karapatan at gumawa ng mga pagpapasya tungkol sa iyong impormasyon sa kalusugan.<br>• Titiyakin naming may awtoridad ang taong ito at maaaring kumilos para sa iyo bago kami gumawa ng anumang aksyon. |
| **Maghain ng reklamo kung sa tingin mo ay nilabag ang iyong mga karapatan** | • Puwede kang magreklamo kung nararamdaman mong nilabag namin ang iyong mga karapatan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin gamit ang impormasyong nasa pahina 1.<br>• Puwede kang maghain ng reklamo sa Kagawaran ng mga Serbisyong Pagkalusugan at Pantao Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil ng U.S. (U.S. Department of Health and Human Services Office for Civil Rights) sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa 90 7th Street, Suite 4-100, San Francisco, CA 94103, pagtawag sa 1-800-368-1019, o pagbisita sa www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/<br>• Hindi kami gaganti laban sa iyo dahil sa paghahain ng isang reklamo. |

**Para sa ilang impormasyon sa kalusugan, maaari mong sabihin sa amin ang iyong mga pagpipilian tungkol sa kung ano ang ibinabahagi namin.** Kung may malinaw kang kagustuhan kung paano ibabahagi ang impormasyon mo sa mga sitwasyong nakasaad sa ibaba, makipag-usap sa amin. Sabihin mo kung ano ang nais mong gawin namin, at susundin namin ang mga tagubilin mo.

| | |
|---|---|
| **Sa mga kasong ito, may karapatan at opsyon kang sabihin sa amin na:** | · Ibahagi ang impormasyon sa iyong pamilya, malalapit na kaibigan, o iba pang kasama sa iyong pangangalaga<br>· Ibahagi ang impormasyon sa sitwasyong may kinalaman sa disaster relief<br>· Isama o alisin ang iyong impormasyon sa direktoryo ng ospital<br>· Makipag-ugnayan sa iyo para sa mga pagsisikap sa pangangalap ng pondo<br>· Kung hindi mo maipapaalam sa amin ang iyong kagustuhan, kung, halimbawa, wala kang malay, maaari naming ibahagi ang iyong impormasyon kung naniniwala kaming makakabuti ito sa iyo. Maaari rin naming ibahagi ang iyong impormasyon kapag kinakailangan para maibsan ang malubha o nagbabadyang banta sa kalusugan o kaligtasan. |
| **Sa mga kasong ito, hindi namin ibinabahagi ang iyong impormasyon maliban kung may nakasulat kang pahintulot:** | · Para sa mga layunin ng marketing<br>· Pagbebenta ng iyong impormasyon<br>· Karamihan ng pagbabahagi ng tala ng psychotherapy |
| **Sa kaso ng pangangalap ng pondo o mga kampanya ng media:** | · Maaari kaming makipag-ugnayan sa iyo para sa pangangalap ng pondo o mga pagsisikap sa kampanya ng media, ngunit maaari mong sabihin sa amin na huwag makipag-ugnayan muli. |

**Paano karaniwang ginagamit o ibinabahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan?**
Karaniwan naming ginagamit o ibinabahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan sa mga sumusunod na paraan.

| | | |
|---|---|---|
| **Pag-aalaga sa iyo** | Maaari naming gamitin ang iyong impormasyon sa kalusugan at ibahagi ito sa iba pang mga propesyonal na gumagamot sa iyo. | ***Halimbawa:*** *Puwedeng magtanong ang doktor na gumagamot sa iyo tungkol sa isang pinsala sa ibang doktor tungkol sa kabuuang kalagayan ng kalusugan mo.* |
| **Pamamahala sa aming organisasyon** | Maaari naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan para isagawa ang aming kasanayan, mas pagbutihin ang pangangalaga sa iyo, at makipag-ugnayan sa iyo kapag kinakailangan. | ***Halimbawa:*** *Ginagamit namin ang iyong impormasyon sa kalusugan upang pamahalaan ang iyong paggagamot at mga serbisyo.* |
| **Pagsingil para sa iyong mga serbisyo** | Maaari naming gamitin at ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan upang sumingil at makakuha ng pagbabayad mula sa Medi-Cal, Medicare, mga plano sa kalusugan, o iba pang mga carrier ng insurance. | ***Halimbawa****: Ibinibigay namin ang impormasyon tungkol sa iyo sa iyong plano ng insurance sa kalusugan upang bayaran nito ang iyong mga serbisyo.* |

**Paano pa namin maaaring gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan?**

May pahintulot kami o kailangan naming ibahagi ang iyong impormasyon sa iba pang paaran – karaniwan sa mga paraang nag-aambag sa pampublikong kapakanan, tulad ng pampublikong kalusugan at pananaliksik. Kailangan naming matugunan ang maraming kondisyon sa batas bago namin maaaring ibahagi ang iyong impormasyon para sa mga layuning ito. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang:
**www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/index.html**

Behavioral Health

| | |
|---|---|
| **Tumulong sa mga isyu ng pampublikong kalusugan at kaligtasan** | • Pag-iwas sa sakit, pinsala, o kapansanan<br>• Pag-uulat ng mga kapanganakan at kamatayan<br>• Pagtulong sa mga pagbawi ng produkto<br>• Pag-uulat ng masasamang reaksyon sa mga medikasyon<br>• Pag-uulat ng hinihinalang pang-aabuso, pagpapabaya, o karahasan sa tahanan<br>• Pag-iwas o pagbawas sa malubhang panganib sa kalusugan o kaligtasan ng sinuman |
| **Gumawa ng pananaliksik** | • Maaari naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon para sa pananaliksik sa kalusugan. |
| **Sumunod sa batas** | • Ibinabahagi namin ang iyong impormasyon kung kinakailangan ng mga batas ng estado o pederal, kabilang na ang Kagawarang ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S. kung gusto nitong tiyakin na sumusunod kami sa mga pederal na batas sa pagkapribado. |
| **Tumugon sa mga kahilingan para sa donasyon ng organ at tisyu** | • Puwede naming ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan sa mga organisasyong nangangalap ng organ. |
| **Makipagtulungan sa isang medikal na tagasuri o direktor ng punerarya** | • Puwede naming ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan sa isang koronero, medikal na tagasuri, o direktor ng punerarya kapag may namatay. |
| **Mga usapin sa kompensasyon ng manggagawa, pagpapatupad ng batas, at iba pang kahilingan ng gobyerno** | • Puwede naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan para sa:<br>• Mga claim sa kompensasyon ng manggagawa<br>• Mga layunin ng pagpapatupad ng batas o sa isang opisyal ng pagpapatupad ng batas |

| | |
|---|---|
| | • Mga ahensya ng pangangasiwa ng kalusugan para sa mga aktibidad na pinahintulutan ng batas<br>• Mga espesyal na tungkulin ng gobyerno, tulad ng militar, pambansang seguridad, at serbisyo sa proteksyon ng pangulo |
| **Tumugon sa mga kaso at legal na aksyon** | • Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan bilang tugon sa administratibong utos ng korte, o bilang tugon sa subpoena. |

**Tandaan:** Pinoprotektahan ng 42 CFR Bahagi 2 ang iyong impormasyon sa kalusugan kung nag-a-apply ka o tumatanggap ng mga serbisyo para sa pag-abuso sa droga o alkohol. Karaniwan, kung nag-a-apply ka o tumatanggap ng mga serbisyo para sa pag-abuso sa droga o alkohol, hindi namin maipapaalam sa isang tao sa labas ng aming samahan na dumalo ka sa aming programa o isiwalat ang anumang impormasyon na nagpapakilala sa iyo bilang isang indibidwal na naghahanap ng paggamot mula sa pag-abuso sa substansya, maliban sa ilalim ng mga pangyayari na nakalista sa Paunawang ito.

**Mga Responsibilidad Namin**

- Kailangan naming protektahan ang pagkapribado at seguridad ng iyong protektadong impormasyon sa kalusugan ayon sa batas.
- Kaagad naming ipapaalam sa iyo kung may naganap na paglabag na maaaring magkompromiso ng privacy o seguridad ng iyong impormasyon.
- Susundin namin ang mga tungkulin at kasanayan sa privacy na inilalarawan sa paunawang ito at bibigyan ka ng kopya nito.
- Hindi namin gagamitin o ibabahagi ang iyong impormasyon maliban sa inilalarawan dito hangga't hindi mo kami pinahihintulutan sa pamamagitan ng sulat. Kung pahihintulutan mo kami, maaari kang magbago ng isip anumang oras. Sabihin sa amin kung magbago ang isip mo sa pamamagitan ng sulat.

Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang: www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/index.html.

**Mga Pagbabago sa mga Tuntunin ng Paunawang ito**

Maaari naming baguhin ang mga tuntunin ng paunawang ito, at malalapat ang mga pagbabago sa lahat ng iyong impormasyon na nasa amin. Magiging available ang bagong paunawa kapag hiniling ito, sa aming tanggapan, at sa aming web site.

*Petsa ng Pasimula ng Paunawa: 2013*

*Nirebisa: Agosto 2017; Hunyo 2022*

Behavioral Health

**KARAGDAGANG IMPORMASYON MULA SA INYONG COUNTY**

Nakatuon ang ACBHD sa iyong mabuting kalagayan ng kalusugan. Iginagalang namin ang iyong boses at sinusuportahan ang pagkakapantay-pantay sa mga serbisyong pangkalusugan.

Nais naming ipaalam sa iyo na ang impormasyong ito ay available sa mga wikang nakalista sa ibaba:

- Spanish (Español): Este folleto está disponible en Español
- Vietnamese (Tiếng Việt): Tập sách này có bằng tiếng Việt
- Korean (한국어): 이 책자는 한국어로 제공됩니다.
- Chinese Traditional (繁体中文): 這本手冊有中文版
- Chinese Simplified (简体中文): 这本手册有中文版
- (فارسی) Farsi: این اطلاعات به زبان فارسی موجود است
- Tagalog (Tagalog/Filipino): Ang impormasyong ito ay maaaring makuha sa Tagalog.
- (عربي) Arabic: يتوفر هذا الدليل باللغة العربية.

Para suriin ang kumpletong listahan ng aming mga provider, pakitingnan ang aming Direktoryo ng Provider sa aming pampublikong website: https://acbh.my.site.com/ProviderDirectory/s/

Kung kailangan mo ang impormasyong ito sa anumang wika na hindi nakalista sa itaas, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong kasalukuyang provider o sa ACBHD gamit ang numero ng telepono na nakalista sa pabalat ng booklet na ito.

**Abiso ukol sa Benepisyo ng Tradisyonal na Kasanayan sa Pangangalagang Pangkalusugan**

- Layunin ng mga tradisyonal na kasanayan sa pangangalagang pangkalusugan na mapabuti ang pag-access sa pangangalagang tumutugon sa kultura; suportahan ang kakayahan ng mga pasilidad na ito na mapagsilbihan ang kanilang mga pasyente; mapanatili at masuportahan ang kalusugan; mapahusay ang resulta sa kalusugan at ang kalidad at karanasan sa pangangalaga; at mabawasan ang umiiral na mga pagkakaiba sa pag-access sa pangangalaga.

- Sinasaklaw ng mga tradisyonal na kasanayan sa pangangalagang pangkalusugan ang dalawang bagong uri ng serbisyo: Mga serbisyo ng Tradisyonal na Manggagamot at Likas na Katulong. Kabilang sa mga serbisyo ng Tradisyonal na Manggagamot ang therapy gamit ang musika (gaya ng tradisyonal na musika at mga awitin, sayaw, pagtugtog ng tambol), espirituwal (gaya ng mga seremonya, ritwal, halamang-gamot) at iba pang pinagsamang pamamaraan. Puwedeng tumulong ang mga serbisyo ng Likas na Katulong sa pagbibigay ng suporta sa paglalakbay sa sistema, pagpapalakas ng kasanayang panlipunan at sikolohikal, pamamahala sa sarili, at suporta sa mga nakaranas ng trauma.

**Abiso Tungkol sa Pinalawak na Serbisyo ng mga Kawani sa Kalusugan ng Komunidad (Community Health Worker, CHW)**

- Ang mga CHW o mga Kawani sa Kalusugan ng Komunidad ay mga tagapaghatid ng mga serbisyong pangkalusugan na may espesyal na pagsasanay sa pagbibigay ng mga impormasyon at serbisyong pangkalusugan sa kanilang mga komunidad, at sila rin ay mga pinagkakatiwalaang miyembro ng komunidad.

- Layunin ng Pinalawak na Serbisyo ng CHW na tumulong sa pag-iwas o pamamahala ng malulubhang sakit, kapansanan, at iba pang isyung pangkalusugan.

- Kabilang sa mga serbisyong ito ang edukasyon at pagsasanay sa kalusugan, kabilang ang pag-iwas at pagkontrol ng malulubha o nakakahawang sakit; mga kondisyon sa kalusugan na may kaugnayan sa pag-uugali, pagbubuntis, at kalusugan ng bibig; at pag-iwas sa pinsala; promosyon ng kalusugan at coaching, kabilang na ang pagtatakda ng layunin at paggawa ng mga plano ng aksyon para sa pag-iwas at pamamahala ng sakit.

Makipag-ugnayan sa inyong county gamit ang numero ng telepono sa pabalat ng handbook na ito para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyong ito.

## PAUNAWA NG WALANG DISKRIMINASYON

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sinusunod ng Kagawaran ng Kalusugan ng Pag-uugali ng Alameda County (kasama ang county at mga provider ng kontrata) ang mga batas sa karapatang sibil ng Estado at Pederal. Ang Kagawaran ng Kalusugan ng Pag-uugali ng Alameda County (ACBHD) ay hindi nagdidiskrimina, nagbubukod ng mga tao, o tumatrato ng kakaiba dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, pinagmulan, nasyonalidad, etnikong grupong pagkakakilanlan, edad, kapansanan sa isip, kapansanan sa pisikal, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o sekswal na oryentasyon na labag sa batas.

Nagbibigay ang ACBHD ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan para tulungan silang makipag-usap nang mas maayos, tulad ng:
  - Mga kwalipikadong interpreter ng sign language
  - Nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malalaking letra, braille, audio, o naa-access na elektronikong format)
- Mga libreng serbisyo sa wika para sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, tulad ng:
  - Mga kwalipikadong interpreter
  - Nakasulat na impormasyon sa ibang wika

Kung kailangan mo ng mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng serbisyo o tumawag sa ACBHD ACCESS sa 1-800-491-9099 (TTY: 711. O, kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, **tawagan ang 711 (California State Relay).** Kapag hiniling, puwedeng maging available sa iyo ang dokumentong ito sa braille, malalaking letra, audio, o mga naa-access na elektronikong format.

### KUNG PAANO MAGHAHAIN NG REKLAMO

Kung naniniwala ka na hindi naibigay ng ACBHD ang mga serbisyong ito o na nagtatangi sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, pinagmulan, nasyonalidad, etnikong grupong pagkakakilanlan, edad, kapansanan sa isip, kapansanan sa pisikal, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o sekswal na oryentasyon na labag sa batas, maaari kang maghain ng karaingan sa Linya ng Tulong sa Konsyumer (Consumer Assistance Line) ng ACBHD. Maaari kang maghain ng karaingan sa pamamagitan ng telepono, nang nakasulat, o nang personal:

- Sa pamamagitan ng telepono: Makipag-ugnayan sa Tulong sa Konsyumer (Consumer Assistance) sa pagitan ng 9am-5pm, Lunes hanggang Biyernes, sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-779-0787. O, kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, tawagan ang 711 (California State Relay).

- Nang nakasulat: Punan ang form ng karaingan o gumawa ng sulat at ipadala ito sa:

  **Consumer Assistance**
  **2000 Embarcadero Cove, Suite 400**
  **Oakland, CA 94606**

- Nang Personal: Bisitahin ang tanggapan ng iyong provider o sa Mental Health Association, 2855 Telegraph Ave, Suite 501, Berkeley, CA 94705, at sabihing nais mong maghain ng karaingan.

Available ang mga Form ng Karaingan online, bisitahin ang: https://www.acbhcs.org/plan-administration/file-a-grievance/.

---

**TANGGAPAN NG MGA KARAPATANG SIBIL – KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NG CALIFORNIA (CALIFORNIA DEPARTMENT OF HEALTH CARE SERVICES)**

Maaari ka ring maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Health Care Services), Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil (Office of Civil Rights) sa pamamagitan ng telepono, nang nakasulat, o sa elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **916-440-7370**. Kung hindi ka makarinig o makapagsalita nang maayos, tumawag sa **711 (California State Relay)**.

- Nang nakasulat: Punan ang form ng reklamo o magpadala ng liham sa:

  **Department of Health Care Services**
  **Office of Civil Rights**
  **P.O. Box 997413, MS 0009**
  **Sacramento, CA 95899-7413**

- Elektronikong Pamamaraan: Magpadala ng email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.

Available ang mga form ng reklamo sa:
https://www.dhcs.ca.gov/discrimination-grievance-procedures

---

**TANGGAPAN NG MGA KARAPATANG SIBIL – KAGAWARAN NG MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN AT PANTAO NG U.S. (U.S. DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES)**

Kung sa tingin mo ay nakaranas ka ng diskriminasyon batay sa iyong lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian, maaari ka ring maghain ng reklamo sa karapatang sibil sa Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S., Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng telepono, sa pagsulat, o sa elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **1-800-368-1019**. Kung hindi ka makapagsalita o makarinig nang maayos, mangyaring tumawag sa

  **TTY/TDD 1-800-537-7697**.

- Nang nakasulat: Punan ang form ng reklamo o magpadala ng liham sa:

  **U.S. Department of Health and Human Services**
  **200 Independence Avenue, SW**
  **Room 509F, HHH Building**
  **Washington, D.C. 20201**

- Elektronikong Paraan: Bisitahin ang Portal ng Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil sa https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf

Available ang mga form ng reklamo sa:
http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html